Bahagi B
Pabatid tungkol sa mga Pansanggalang sa Mga Pamamaraan para sa Mga Magulang ng Mag-aaral na May Kapansanan

Bilang isang magulang, kayo ay may karaatan na makakuha ng impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA). Ang mga karapatang ito, o mga *pansanggalang sa pamamaraan*, ay nilalayon na tiyakin na kayo ay may oportunidad maging kapartner sa mga desisyon sa pag-aaral na ginagawa hinggil sa inyong anak.

Ang abisong ito tungkol sa inyong mga pansanggalang sa pamamaraan ay makukuha ninyo, ng kahit man lamang isang beses sa taon ng pasukan sa paaralan, pero dapat rin kayong bigyan ng nasabing kopya:

- Sa unang rekumenadasyon o ang inyong kahilingan para sa isang pagtatasa
- Alinsunod sa mga pamamaraan ng pagdidisiplina kapag may naganap na pagbabago sa pagtatalaga sa mag-aaral
- Sa pagkuha ng unang reklamo ng Estado sa taon ng pasukan
- Sa pagtanggap ng unang kahilingan para sa makatuwirang pagdinig sa taon ng pasukan
- Alinsunod sa mga kundisyon ng §1008.212, Florida Statutes (F.S.), batay sa rekumendasyon ng superintendent ng distrito ng paaralan sa Commissioner of Education na may hindi pangkaraniwang dahilan sanhi ng hindi pagsasali ang ibinigay sa nasabing pamamahala ng palugit sa pagtatasa ng estado na dapat tanggapin o tanggihan.
- Sa inyong kahilingan na makatanggap ng kopya

Maaari ninyong piliin na tumanggap ng kopya ng inyong mga pansanggalang sa pamamaraan at ang mga hinihiling na abiso sa pamamagitanng email kung gawing handang makuha ng distrito ng paaralan ang opsyon na iyon. Maaari rin ilagay ng distrito ang pinakabagong kopya ng mga pansanggalang sa pamamaraan na pabatid sa website nito sa Internet.

Ang pamphlet na ito ay nakakatulong sa mga magulang ng mga bata sa Florida na maunawaan ang mga karapatan na kaugnay ng mga programa para sa mga mag-aaral na may kapansanan. Kasama dito ang paglalarawan sa mga pansanggalang sa pamamaraan na gagamitin sa mga mag-aaral na may kapansanan na naka-enroll sa mga pampublikong paaralan at iyong mga ginagamit sa mga mag-aaral na may kapansanan na na-enroll ng kanilang mga magulang sa mga nonprofit na pribadong paaralan.

Ang mga magulang na may mga isyu sa distrito hinggil sa hindi pangkaraniwang edukasyon ng kanilang mag-aaral ay maaring malutas ang mga nasabing isyu sa hindi pormal na paraan sa lokal na antas. Gayunpaman, may magagamit rin na mga pang-remediyo ng administratibo (pamamagitan, reklamo sa estado , at kahilingan ng makatuwirang pagdinig).

Talaan ng Mga Nilalaman

Pangkalahatang Impormasyon……..1
Pagbabawi ng Pahintulot ng Magulang…….....5
Impormasyon sa Pagkakompidensyal…….....5
Pamamagitan…….....7
Mga Pamamaraan sa Pagsasampa ng Reklamo sa Estado……..…….....8
Mga Pamamaraan sa Paghiling ng Makatuwirang Pagdinig…….…...9
Mga Proseso ng Makatuwirang Pagdinig……..……12
Mga Apela……14
Mga Pamamaraan Kapag Dinidisiplina ang Mga Mag-aaral na may Kapansanan……15
Mga Kahilingan sa Sarilinan na Pagtatalaga ng Mga Magulang ng Mag-aaral sa Mga Pribadong Paaralan na Ang Gastos ay mula sa Publiko……...……..19
Mga Kahilingan sa Mga Mag-aaral na May Kapansanan Na Na-enroll ng Kanilang Mga Magulang sa Mga Pribadong Paaralan……...…..…19

Sa ilalim ng IDEA, kayo ay may mga sumusunod na karapatan:

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

PAUNANG NAKASULAT NA PABATID

34 Code of Federal Regulations (CFR) §300.503
ABISO
Ang distrito ng inyong paaraalan ay dapat magbigay sa inyo ng nakasulat na pabatid tuwing ito ay:

1. Nagmumungkahing simulan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, pagpapasya sa pagiging karapat-dapat o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o ng mga kundisyon ng "free appropriate public education " FAPE sa inyong anak; **o**
2. Tumatangging simulan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, pagpapasya sa pagiging karapat-dapat o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o ng mga kundisyon ng FAPE sa inyong anak.

Nilalamann ng pabatid
Ang nakasulat na pabatid ay dapat nilalaman ang:

1. Ipaliwanag ang kilos na iminumungkahi o tintatanggihan ng distrito ng inyong paaralan;
2. Ipaliwanag kung bakit ang distrito ng inyong paaralan ay nagmumungkahi o tumatangging kumilos;
3. Ilarawan ang bawat pamamaraan ng pagtatasa, pagsusuri, pagtatala, o i-ulat ang distrito ng inyong paaralan na ginamit sa pagpapasya sa pagmumungkahi o pagtatanggi sa kilos;
4. Magsama ng pahayag na mayroon kayong proteksyon sa ilalim ng mga pansanggalang sa pamamaraan sa mga kundisyon sa Bahagi B ng IDEA;
5. Sabihin kung paano kayo makakakuha ng kopya ng paglalarawan ng mga pansanggalang sa pamamaraan kung ang

kilos na iminumungkahi o tinatanggi ng distrito ng inyong paaralan ay hindi ang paunang rekumendasyon para matasa;
6. Isama ang mga dulugan kung saan kayo makakakuha ng tulong sa pag-uunawa ng Bahagi B ng IDEA;
7. Ilarawan ang iba pang mga mapagpipilian na nakonsidera ng pangkat ng individual educational plan (IEP) ng inyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga mapagpilian na iyon; **at**
8. Magbigay ng paglalarawan ng iba pang mga mdahilan kung bakit iminungkahi o tinanggihan ng distrito ng inyong paaralan ang kilos.

Abiso sa hindi nauunawaan na wika
Ang abiso ay kailangan na:
1. Nakasulat sa wika na nauunawaan ng pangkalahatang publiko; **at**
2. Ibinigay sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon na inyong ginagamit, maliban kung malinaw na hindi ito magagawa.

Kung ang inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon ay hindi nakasulat sa wika, kailangang tiyakin ng distrito ng paaralan na :
1. Ang abiso ay isinalin wika sa inyo sa paraan na binibigkas sa pamamagitan ng iba pang paraan sa inyong katutubong wika o iba pang uri ng komunikasyon;
2. Nauunawaan ninyo ang nilalaman ng abiso; **at**
3. May nakasulat na katibayan na ang 1 at 2 ay natugunan.

KATUTUBONG WIKA

34 CFR §300.29
Ang *katutubong wika*, kapag ginamit sa isang indibiduwal na may limitadong kaalaman sa Ingles, ay nangangahulugan na:
1. Ang wika na karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng mag-aaral, ang wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng mag-aaral;
2. Ang lahat ng direktang pakikipag-ugnayan sa isang mag-aaral (kasama na ang pagtatasa sa mag-aaral), ang wika na karaniwang ginagamit ng mag-aaral sa tahanan o lugar kung saan nag-aaral.

Para sa taong may kapansanan ng hindi pagkakarinig o pagkabulog, o ang taong walang nasusulat na wika, ang paraan ng komunikasyon ay karaniwang iyong ginagamit ng tao (tulad ng sign language, braille, o pagsasalita).

ELECTRONIC MAIL

34 CFR §300.29
Kung ang distrito ng inyong paaralan ay naghahandog sa mga mag-aaral ng mapagpipilian para makatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng email, maaari rin ninyong piliin na tanggapin ang mga sumusunod sa pamamagitan ng email:
1. Paunang nakasulat na abiso;
2. Abiso sa pansanggalang sa pamamaraan; **at/o**
3. Mga abiso na may kaugnayan sa kahilingan ng makatuwirang paglilitis.

PAHINTULOT NG MAGULANG - KAHULUGAN

34 CFR §300.9
Pahintulot
Ang *pahintulot* ay nangangahulugan na:
1. Kayo ay ganap na pinagbigyang kaalaman sa inyong katutubong wika o sa iba pang paraan ng komunikasyon (tulad ng sign language, braille, o oral na komunikasyon) ng lahat ng impormasyon tungkol sa kilos kung saan nagbibigay kayo ng pahintulot;
2. Naunawaan ninyo at sumasang-ayon kayo sa kasulatan sa kilos na iyon, at ang pahintulot ay naglalarawan sa kilos na iyon at naglilista sa mga rekord (kung mayroon man) na ipapalabas at kung kanino ipapalabas ang mga ito; **at**
3. Nauunawaan ninyo na ang pahintulot ay boluntasyo sa inyong parte at maaari ninyong bawiin ang inyong pahintulot kahit kailan.

Ang inyong pagbabawi sa pahintulot ay hindi nagkakaila (binabawi) ang kilos na naganap makalipas ninyong magbigay pahintulot at bago ninyo ito bawiin.

PAHINTULOT NG MAGULANG

34 CFR §300.300
Pahintulot sa paunang pagtatasa
Ang distrito ng inyong paaralan ay hindi makakapagsagawa ng paunang pagtatasa sa inyong anak para mapagpasyahan kung ang inyong anak ay karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hindi muna nagbibigay sa inyo ng paunang nakasulat na abiso ng namungkahing kilos at nang hindi kinukuha ang inyong pahintulot tulad nang nilalarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pahintulot ng Magulang.***

Ang distrito ng inyong paaralan ay dapat na makatuwirang magsikap para makuha ang inyong Ang inyong pahintulot sa unang pagtatasa ay hindi nangangahulugan na binigay rin ninyo ang inyong pahintulot sa distrito ng paaralan na simulang magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo nito sa inyong anak.

Kung ang inyong anak ay naka-enroll sa isang pampublikong paaralan, o hangad ninyong ipa-enroll ang inyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kayong magbigay ng pahintulot o nabigong sumagot sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot sa unang pagtatasa, ang distrito ng inyong paaralan ay maaari, pero hindi naman kinakailangan, na magsasagawa ng unang pagtatasa sa inyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng tagapamagitan o mga pamamaraan para sa makatuwirang pagdinig. Ang distrito ng inyong paaralan ay hindi lalabag sa mga obligasyon nito na hanapin, kilalanin at tasahin ang inyong anak kung hindi nito gawin ang isang pagtatasa sa inyong anak sa mga pangyayaring ito.

Mga espesyal na tuntunin sa unang pagtatasa sa mga "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado
Kung ang isang bata ay isang "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado at hindi nakatira kasama ang kaniyang magulang -

Ang distrito ng paaralan ay hindi kailangan ang pahintulot ng magulang para sa unang pagtatasa para matiyak kung ang isang mag-aaral ay mag-aaral na kapansanan kung:

1. Kahit na may makatuwirang mga pagsisikap na gawin ito, hindi mahanap ng distrito ng paaralan ang magulang ng mag-aaral;
2. Ang mga karapatan ng mga magulang ay natapos na alinsunod sa batas ng Estado; **o**
3. Itinakad ng isang hukom ang karapatan na makapagdesisyon para sa pag-aaral at mapahintulutan ang unang pagtatasa sa isang indibiduwal maliban sa magulang.

Ang *Ward of State ("inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado)*, tulad nang ginagamit sa IDEA, ay nangangahululgang isang mag-aaral na, tulad nang pagkakatukoy sa ilalim ng Estado kung saan nakatira ang mag-aaral, ay isang:

1. Isang anak-anakan maliban kung ang bata ay may nag-aarugang magulang na nakakatugon sa depinisyon ng estado ng isang magulang;
2. Itinuturing na isang "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado sa ilalim ng batas ng Estado;

o

3. Nasa kustodya ng isang pampublikong ahensya para sa kapakanan ng bata.

Ang pahintulot ng magulang sa unang pagkakaloob ng mga serbisyo

Ang distrito ng inyong paaralan ay kailangang makuha ang inyong pahinulot bago maipagkaloob ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Kung hindi kayo tumugon sa kahilingan na magbigay pahintulot para sa iyong anak na tumanggap ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung kayo ay tumangging ibigay ang nasabing pahintulot, maaaring hindi gumamit ng tagapamagitan o makatuwirang pagdinig para makuha ang kasunduan o kautusan na ang espesyal na edukasyon at ang mga nauugnay na serbisyo (na inirekumenda ng pangkat ng IEP ng inyong anak) ay maaaring ibigay sa inyong anak nang wala ang inyong pahintulot.

Kung tumanggi kayong pahintulutan ang inyong anak na makatanggap ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung hindi kayo tumugon sa kahilingan na ibigay ang nasabing pahintulot at ang distrito ng paaralan ay hindi nagbiga sa inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo kung bakit nito hangad ang inyong pahintulot, ang distrito ng paaralan ninyo ay:

1. Hindi lumalabag sa kahilingan na gawing handang magamit ang FAPE sa inyong anak para kabiguan nito ibigay ang mga nasabing serbisyong iyon sa inyong anak; **at**
2. Hindi kinakailangan na magkaroon ng pagpupulong ang pangkat ng IEP o gumawa ng IEP para sa inyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo kung saan hiniling ang inyong pahintulot.

Pahintulot ng magulang sa mga partikular na kilos

Kailangang makuha ng distrito ng paaralan ang inyong pahintulot sa pagsunod sa mga tiyak na kilos kung kasama sa IEP ng inyong anak maliban kung mapapatunayan ng distrito ng inyong paaralan na nagsagawa ito ng mga makatuwirang hakbang para makuha ang inyong pahintulot **at** hindi kayo nakatugon.

Kabilang sa mga kilos ang:

1. Pamamahala ng alternatibong pagtatasa at pagbibigay ng tagubilin sa standard access point kurikulum ng estado.
2. Ilagay ang inyong anak sa isang katangi-tanging sentro ng edukasyon sa mag-aaral, maliban sa mga pangyayari ng pagtatalaga sa isang pansamantalang alternatibong lugar ng pag-aaral sanhi ng paglalabag sa kodigo ng distrito hinggil sa pag-uugali ng mag-aaral na may kaugnayan sa mga armas; pagdadala, paggamit o pagebnta ng iligal na droga; o pagdudulot ng matinding pinsala sa katawan sa ibang tao (tingnan ang pahina 16 ***Mga Espesyal na Pangyayari***)

Kung magpasya ang distrito ng paaralan na kailangang baguhin ang IEP ng inyong anak dahil may kaugnayan ito sa mga kilos na inilarawan sa itaas, kailangang magsagawa ng pagpupulong ng IEP na kung saan ay kasama rin kayo. Kailangang bigyan kayo ng paaralan ng isang nakasulat na pabatid ng pagpupulong naito ng kahit man lang 10 araw bago ang pagpupulong na ipinapahiwatig ang layunin, oras, at lokasyon ng pagpupulong at kung sino, ayon sa titolo o posisyon ang dadalo sa pagpupulong. Sa sandaling natanggap na ninyo ang pabatid na ito, kayo at ang distrito ay maaari nang sumang-ayon na maunang makipagkita.

Kung tumanggi kayong ibigay ang inyong pahintulot, maaari kumuha ng aprubasyon ang distrito ng paaralan sa mga kilos na ito sa pamamagitan ng makatuwirang proseso ng pagdinig. Sa panahon ng resolusyon sa angkop na proseso at habang hinihintay ang desisyon sa anumang hindi pa natatapos na angkop na proseso ng pagdinig o paglilitis sa korte, maliban na lang kung kayo at ang distrito ng paaralan ay may pinagsang-ayunan na, dapat manatili ang inyong anak sa natalagang pinag-aaralan (tingnan ang pahina 18 Mga Pamamaraan sa Paghiling ng Angkop na Proseso ng Pagdinig).

Pahintulot ng magulang sa mga muling pagtatasa

Ang distrito ng inyong paaralan ay kailangang makuha ang inyong pahintulot bago nito muling tasahin ang inyong anak, maliban na lang kung maipapakita ng distrito ng inyong paaralan na:

1. Nagsagawa ito ng makatuwirang mga kilos para makuha ang inyong pahintulo sa muling pagtatasa sa inyong anak, **at**
2. Hindi kayo sumagot.

Kung tumanggi kayong magbigay pahintulot sa muling pagtatasa ng inyong anak, ang distrito ng inyong paaralan ay maaaring, pero hindi naman kinakailangan, na ipagpatuloy ang muling pagtatasa sa inyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng pagpapawalang-bisa sa paintulot na kundisyon sa pamamagitan o angkop na proseso. Tulad nang unang mga pagtatasa, ang distrito ng inyong paaralan ay hindi lumalabag sa mga obligasyon nito sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kung tumanggit itong ituloy ang muling pagtatasa sa pamamaraang ito.

Mga dokumento ng makatuwirang pagsisikap na makuha ang pahintulot ng magulang

Kailangang magtabi ang inyong paaralan ng mga dokumento ng makatuwirang mga pagsisikap sa pagtatamom ng pahintulot mula sa magulang para sa unang pagtatasa, para makapagkaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa muling pagtatasa, at mahanap ang mga magulang ng mga batang "inaalagaan o nasa kustodya" ng Estado para sa unang pagtatasa. Ang mga dokumento ay dapat na kasama ang rekord ng mga pagsubok ng distrito ng paaralan, tulad ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga nasabing tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulatan na ipinadala sa mga magulang at anumang mga natanggap na sagot;

at

3. Ang mga detalyadong rekord ng mga pagbisita na ginawa sa tahanan ng magulang o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng nasabing pagbisita na iyon.

Iba pang mga kahilingan sa pahintulot

Ang inyong pahintulot ay hindi kailangan bago gawin ng distrito ng inyong paaralan ang:

1. Pagrerepaso sa kasalukuyang data bilang bahagi ng pagtatasa o muling pagtatasa sa inyong anak; **o**
2. Bigyan ng ang inyong anak ng pagsusulit o iba pang pagtatasa na ibinibigay sa lahat ng mga mag-aaral maliban lang kung bago ang nasabing pagsusulit o pagtatasa, kailangan ang pahintulot mula sa lahat ng mga magulang ng lahat ng mga mag-aaral.

TALA: Sa Florida, ang isang magulang ay dapat na magbigay ng may lagdang pahintulot para makatanggap ang isang mag-aaral ng tulong sa pag-aaral na hindi papahintulutan sa mga pagtatasa sa buong estado at dapat na ipagbigay-alam ang pagkakatanggap sa pamamagitan ng kasulatan na nauunawaan niya ang mga implikayon ng nasabing tulong. Ang distrito ng inyong paaralan ay hindi maaaring gamitin ang inyong pagtanggi sa paintulot sa isang serbisyo o aktibidad para tanggihan kayo o ang inyong anak ng anumang serbisyo, benepisyo o aktibidad.

Kung na-enroll ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan sa sarili ninyong gastos, o kung kayo ay nasa home schooling ang inyong anak, hindi ninyo kailangan ibigay ang inyong pahintulot sa unang pagtatasa ng inyong anak o para sa muling pagtatasa ng inyong anak, o kung nabigo kayong sumagot sa kahilingan na ibigay ang inyong pahintulot, hindi maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang paraan ng pagpapawalang bisa sa pahintulot at angkop na proseso at hindi nito kailangan na ikonsidera ang inyong anak na karapat-dapat na tumanggap ng mga serbisyio (mga serbisyong magagamit sa mga inilagay ng magulang sa pribadong paaralan na mga mag-aaral na may kapansanan).

INDEPENDIYENTENG PAGTATASA SA EDUKASYON

34 CFR §300.502

Pangkalahatan

Tulad nang inilarawan sa ibaba, kayo ay may karapatan na kumuha ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon (independent educational evaluation, IEE) sa inyong anak kung kayo ay hindi sumang-ayon sa pagtatasa ng inyong anak na natamo ng distrito ng inyong paaralan. Kung humiling kayo ng IEE, kailangang magkaloob ang distrito ng paaralan sa inyo ng impormasyon kung saan kayo makakakuha ng IEE at tungkol sa kriterya ng distrito ng paaralan na magagamit sa mga IEE.

Mga Kahulugan

Ang *Independent educational evaluation (IEE)* ay nangangahulugang isang pagtatasa na isinagawa ng isang kuwalipikadong tagabigay ng eksaminasyon na hindi nagtatrabaho sa distrito ng paaralan na may responsibilidad sa edukasyon ng inyong anak.

Nangangahulugan ang *gastusin ng publiko na ang distrito ng paaralan ang magbabayad para sa buong haaga ng pagtatasa o titiyakin na ang pagtatasa ay maipagkakaloob sa inyo nang walang dagdag na gastos sa inyo.*

Karapatan ng magulang para sa pagtatasa na gastusin ng publiko

Kayo ay may karapatan sa isang IEE ng inyong anak sa gastusin ng publiko kung kayo ay di sumasang-ayon sa isang pagtatasa sa inyong anak na natamo ng distrito ng inyong paaralan, na sumasailalim sa mga sumusunod na kundisyon:

1. Kung kayo ay humiling ng IEE ng inyong anak sa gastusin ng publiko, ang distrito ng inyong paaralan ay dapat na, nang walang pag-aantala, na: (a) Magkaloob ng IEE na gastusin ng publiko, o (b) Magsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso na pagdinig para mapakita na ang pagtatasa nito sa inyong anak ay angkop; maliban kung mapatunayan ng distrito ng paaralan sa pagdinig na ang pagtatasa na nakuha ng inyong anak ay hindi nakakatugon sa kriterya ng distrito ng paaralan.
2. Kung hilingin ng distrito ng inyong paaralan ang isang pagdinig at ang huling desisyon ay angkop ang pagtatasa ng distrito sa inyong anak, mayroon pa rin kayong karapatan sa isang IEE pero hindi sa gastusin ng publiko.
3. Kung humiling kayo ng isang IEE para sa inyong anak, maaaring hilingin ng distrito ng paaralan kung bakit kayo tumututol sa pagtatasa ng inyong anak na ginawa ng distrito ng inyong paaralan. Gayunman, maaaring hindi hilingin ng distrito ng inyong paaralan ang isang pagpapaliwanag at maaaring hindi ipaantala ang pagbibigay ng IEE sa inyong anak sa gastusin ng publiko o pagsasampa ng reklamo sa angkop na proseso para humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig para ipagtanggol ang pagtatasa sa inyong anak ng distrito ng paaralan.

Kayo ay may karapatan sa isang IEE lang para sa inyong anak na gastusin ng publiko tuwing ang distrito ng inyong paaralan ay magsagawa ng isang pagtatasa sa inyong anak na kung saan hindi kayo sumasang-ayon.

Mga pagtatasa na pinasimulan ng magulang

Kung makakuha kayo ng IEE ng inyong anak sa gastusin ng publiko o ibahagi ninyo sa distrito ng inyong paaralan ang pagtatasa ng inyong anak na nakuha ninyo sa pamamagitan ng pribadong paggastos.

1. Kailangang isaalang-alang ng distrito ng inyong paaralan ang mga resulta ng pagtatasa ng inyong anak, kung ito ay nakakaugon sa kriterya ng distrito ng paaralan para sa mga IEE, anumang nagawang desisyon na may kaugnayan sa kundisyon ng FAPE sa inyong anak; **at**
2. Maaari ninyo o ng distrito ng inyong paaralan ipakita ang pagtatasa bilang katibayan sa angkop na proseso na paglilitis hinggil sa inyong anak.

Mga kahilingan para sa pagtatasa ng mga opisyal sa pagdinig

Kung hilingin ng opisyal ng pagdinig ang isang IEE ng inyong anak bilang bahagi ng angkop na proseso ng pagdinig, ang halaga ng pagtatasa ay kailangang gastusin ng publiko.

Kriterya ng distrito ng paaralan

Kung ang IEE ay nasa gastusin ng publiko, ang kriterya kung saan ang pagtatasa ay nakuha, kasama na ang lokasyon ng pagtatasa at ang mga kuwalipikasyon ng nagbibigay ng eksaminasyon, ay dapat parehong kriterya na ginagamit ng distrito ng paaralan kapag sinisimulan nito ang isang pagtatasa (sa saklaw na ang mga kriterya na iyon ay kaayon sa inyong karapatan para sa isang independent educational evaluation). Maliban sa kriterya na inilalarawan sa ibaba, ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring

ipilit ang mga kundisyon o takdang panahon na may kaugnayan sa pagkuha ng isang
IEE na gastusin ng publiko.

Pagbabawi ng Pahintulot ng Magulang

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

34 CFR §300.300(b)(4)
Kung, sa kahit na anong panahon kasunod ng paunang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at ng mga kaugnay na serbisyo, ang magulang ng mag-aaral ay nagbabawi ng pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan para sa patuloy na pagbibigay ng espesyal na edukasyon at ng mga kaugnay na serbisyo, maaaring hindi ipagpatuloy ng distrito ng paaralan ang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa mag-aaral, pero kailangang magkaloob ng paunang nakasulat na pabatid bago ihinto ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo. Hindi maaaring gumamit ng mga tagapamagitan ang distrito ng paaralan o mga pamamaraan para sa angkop na proseso ng pagdinig para makakuha ng pagsang-ayon o isang hatol na ang mga serbisyo ay maipagkakalob sa mag-aaral.

Kung bawiin ninyo ang inyong pahintulot para sa patuloy na pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa inyong anak, ang distrito ng inyong paaralan ay maaaring:

1. Hindi ikokonsidera sa paglalabag ng kahilingan na gawing handang magamit ang FAPE sa inyong anak para kabiguan nito ibigay sa mag-aaral ang karagdagang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa inyong anak; **at**
2. Hindi hinihiling na magpapulong sa pangkat ng IEP o gumawa ng IEP para sa mag-aaral para sa higit na pagpapatuloy sa espesyal na kundisyon at mga nauugnay na serbisyo.

Kung bawiin ninyo ang pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan para sa pagtatanggap ng inyong anak ng espesyal na eduasyon makalipas na ang bata ay nabigyan sa una ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, ang distrito ng paaralan ay hindi kinakailangan na baguhin ang mga rekord ng edukasyon ng inyong anak para alisin ang anumang sanggunian sa pagtatanggap ng inyong anak ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo dahil sa pagbabawi ng pahintulot.

PAGKAKOMPIDENSYAL NG IMPORMASYON

MGA KAHULUGAN

34 CFR §300.611
Tulad nang ginamit sa ilalim ng pamagat na ***Pagkakompidensyal ng Impormasyon:***

Ang *pagsisira* ay nangangahululgan pisikal na pagsisira o pag-aalis ng mga nagpapakilala sa pagkakilanan mula sa impormasyon para ang impormasyon ay hindi makakapagpakilala sa isang tao.

Ang mga *rekord sa edukasyon* ay nangangahulugang mga uri ng rekord na sakop sa ilalim ng kahulugan ng "mga rekord ng edukasyon" sa 34
CFR Part 99, ang mga regulasyon na ipinapatupad sa Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ng 1974, 20 U.S.C. 1232g.

Ang *kasaling ahensya* ay nangangahulugang anumang distrito ng paaralan, ahensya, o institusyon na nagkokolekta, nagtatabi, o gumagamit ng impormasyon na nagpapakilala sa tao, o kung saan ang impormasyon ay natamo, sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

NAGPAPAKILALA SA TAO

34 CFR §300.32
Ang *nagpapakilala sa tao* ay nangangahulugang impormasyon na mayroong:

(a) Ang pangalan ng inyong anak, ang inyong pangalan bilang magulang, o ang pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya;
(b) Ang address ng inyong anak;
(c) Isang impormasyon na nagpapakilala sa tao, tulad ng social security number ng inyong anak o numero ng mag-aaral;**o**
(d) Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na gagawing posible na makilala ang inyong anak ng halos katiyakan.

PABATID SA MGA MAGULANG

34 CFR §300.612
Ang Department of Education ay kailangang magbigay ng pabatid na sapat para ganap na ipagbigay-alam sa mga magulang ang tungkol sa pagkakompidensyal ng impormasyon na nagpapakilala sa tao, kasama na ang:

1. Isang paglalarawan ng saklaw kung saan ang pabatid ay ibinigay sa katutubong wika ng iba't ibang mga grupo ng populasyon sa estado;
2. Isang paglalarawan ng mga mag-aaral kung saan itinabi ang mga impormasyon na nagpapakilala sa tao, ang mga uri ng impormasyon na hinahanap, ang mga paraan na nilalayon ng Estado na makalikom ng impormasyon (kasama na ang mga pinagkunan kung saan nalikom ang impormasyon), at ang mga paggagamitan ng impormasyon;
3. Isang buod ng mga patakaran at pamamaraan na kailangang sundan ng mga kasaling ahensya hinggil sa pagtatabi, pagbubuyag sa ikatlong panig, pananatili, at pagsisira ng mga impormasyon na nagpapakilala sa tao; **at**
4. Isang paglalarawan ng lahat ng mga karapatan ng mga magulang at bata hinggil sa impormasyon na ito, kasama na ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at ang mga ipinapatupad na regulasyon nito sa 34 CFR Part 99.

Bago ang anumang malaking pagkikilala ,lokasyon, o aktibidad ng pagtatasa (kilala rin bilang "paghahanap ng bata"), ang pabatid ay kailangang ilathala o ipahayag sa mga dyaryo o iba pang uri ng media, o pareho, na ang pagkakalat ay sapat para maipagbigay-alam sa mga magulang sa buong estado ang aktibidad na hahanapin, kikilalanin, at tatasahin na mga bata na nangangailangan ng espesyal na edukasyon o ng mga nauugnay na serbisyo.

MGA KARAPATANN SA ACCESS

34 CFR §300.613
§1002.22(3)(a)4, F.S.
Ang kasaling ahensya ay dapat na pahintulutan kayo na inspeksyunin at repasuhin ang anumang mga rekord ng edukasyon na may kaugnayan sa inyong anak na nakolekta, natabi, o ginamit ng distrito ng inyong paaralan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Ang kasaling ahensya ay dapat sumunod sa inyong kahilingan na inspeksyunin at repasuhin ang anumang mga rekord ng edukasyon ng inyong anak nang walang hindi kinakailangang pagkakaantala at bago ang anumang

pagpupulong hinggil sa individual education plan (IEP), o anumang walang kinikilingan na angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang pagpupulong para sa paglutas o pagdinig hinggil sa disiplina), at walang kaso ang hihigit sa 30 araw na base sa kalendaryo makalipas na kayo ay magsampa ng hiling.

Ang inyong karapatan na inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord ng edukasyon ay kinabibilangan ng:

1. Ang inyong karapatan na makakuha ng sagot mula sa kasaling ahensya sa inyong makatuwirang kahilingan para sa mga pagpapaliwanag at interpretasyon ng mga rekord;
2. Ang inyong karapatan na hilingin na ang nabanggit na kasaling ahensya ay magbigay ng mga kopya ng rekord kung hindi ninyo mainspeksyon at marepaso nang mainam ang mga rekord maliban na lamang kung natanggap ninyo ang mga nasabing kopya; **at**
3. Kayo ay may karapatan na inspeksyunin at repasuhin ng inyong kinatawan ang mga rekord.

Maaaring isipin ng kasaling ahensya na kayo ay may awtoridad na inspeksyuni at repasuhin ang mga rekord na may kaugnayan sa inyong anak maliban kung ipayo na wala kayong awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng Estado na namamahala sa nasabing mga paksa tulad ng pag-iingat o pag-aaruga o paghihiwalay o diborsyo.

REKORD NG ACCESS

34 CFR §300.614

Ang bawat kasaling ahensya ay dapat magtabi ng rekord ng mga panig na nakakuha ng access sa mga rekord ng edukasyon na nakolekta, natabi, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (maliban sa paggamit ng mga magulang at mga awtorisadong empleyado na kasaling ahensya), kasama ang pangalan ng partido, at petsa nang ibinigay ang access, at ang layunin kung saan binigyan ng awtorisasyon ang panig na gamitin ang mga rekord.

MGA REKORD NG HIGIT SA ISANG BATA

34 CFR §300.615

Kung may anumang rekord ng edukasyon na may kasamang impormasyon ng higit sa isang mag-aaral, ang mga magulang ng mga mag-aaral na iyon ay may karapatan na inspeksyunin at repasuhin lang ang impormasyon na may kaugnayan sa kanilang anak o mabigyan ng impormasyon sa natanging impormasyon.

LISTAHAN NG MGA URI AT LOKASYON NG IMPORMASYON

34 CFR §300.616

Kung hilingin, ang bawat kasaling ahensya ay dapat magbigay sa inyo ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga rekord ng edukasyon na nakolekta, natabi, o ginamit ng ahensya.

MGA SINGILIN

34 CFR §300.617

Ang bawat kasaling ahensya ay maaaring magpataw ng singilin para sa mga kopya ng rekord na ginawa para sa inyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kung ang singlin ay hindi naghahadlang sa inyo na gamitin ang inyong karapatan na inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord na iyon. Ang kasaling ahensya ay hindi maaaring magpataw ng singilin para maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

PAGSUSOG SA MGA REKORD AYON SA KAHILINGAN NG MGA MAGULANG

34 CFR §300.618

Kung kayo ay naniniwala na ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon hinggil sa inyong anak na nakolekta, tinabi, o ginamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay hindi wasto, hindi totoo, o lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng inyong anak, maaari ninyong hilingin sa kasaling ahensya na itabi ang impormasyon para baguhin ang impormasyon. Ang kasaling ahensya ay dapat na magpasya kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa inyong kahilingan sa loob ng isang makatuwirang panahon nang matanggap ang inyong kahilingan. Kung ang kasaling ahensya ay tumanggin na baguhin ang impormasyon alinsunod sa inyong kahilingan, kailangan nitong ipagbigay-alam sa inyo ang pagtanggi at payuhan kayo sa karapatan para sa isang paglilitis para sa layunin ito tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Oportunidad para sa isang Pagdinig/Paglilitis.***

OPORTUNIDAD PARA SA ISANG PAGDINIG/PAGLILITIS

34 CFR §300.619

Ang kasaling ahensya ay dapat, kung hilingin, magkaloob sa inyo ng oportunidad para sa isang paglilitis na hamunin ang mga impormasyon sa mga rekord ng edukasyon hinggil sa inyong anak para matiyak na ito ay wasto, hindi totoo, o iba pang paglalabag sa privacy o karapatan ng inyong anak.

MGA PAMAMARAAN SA PAGDINIG

34 CFR §300.621

Isang pagdinig para hamunin ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon ay dapat na isagawa ayon sa mga pamamaraan sa mga nasabing uri ng pagdinig sa ilalim ng FERPA.

RESULTA NG PAGDINIG

34 CFR §300.620

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang kasaling ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay hindi wasto, hindi toto, o may iba pang paglalabag sa privacy o iba pang karapatan ng mag-aaral, kailangan nitong baguhin ang impormasyon nang naaayon at ipagbigay-alam sa inyo sa pamamagitan ng isang kasulatan. Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang kasaling ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay **hindi** mali, nakakapagpaligaw, o may ibang paglalabag sa privacy o iba pang karapatan ng inyong anak, kailangan nitong ipagbigay-alam sa inyo ang inyong karapatan para malagay sa mga rekord na ito ay nagtatabi ng isang pahayag patukoy sa inyong anak na nagbibigay puna sa impormasyon o nagbibigay ng anumang mga dahilan na kung saan hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng kasaling ahensya.

Ang nasabing pagpapaliwanag na inilagay sa mga rekord ng inyong anak ay dapat na:

1. Itabi ng kasaling ahensya bilang bahagi ng mga rekord ng inyong anak basta't ang rekord o ang sinasalungatan na bahagi ay tinatabi ng kasaling ahensya; **at**
2. Kung ang kasaling ahensya ay ibinunyag ang mga rekord ng inyong anak o ang hinahamon na bahagi sa anumang panig, ang paliwanag ay dapat rin ipahayag sa panig na iyon.

PAHINTULOT PARA SA PAGBUBUNYAG NG IMPORMASYON NA NAGPAPAKILALA SA TAO

34 CFR §300.622

Maliban na lang kung ang impormasyon ay nakalagay sa mga rekord ng edukasyon, at ang pagbubunyag ay awtorisado nang walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA, ang inyong pahintulot ay dapat makuha bago ipahayag ang mga impormasyon na nagpapakilala sa tao sa mga partido maliban sa mga opisyal ng mga kasaling ahensya. Maliban sa mga pangyayar na tiniyak sa ibaba, ang inyong pahintulot ay hindi kailangan bago ipalabas ang mga impormasyon na nagpapakilala sa tao sa mga opisyal ng mga kasaling partido sa layunin ng pagtutugon sa kahilingan ng Bahagi B ng IDEA.

Ang inyong pahintulot, o pahintulot ng karapat-dapat na mag-aaral na umabot sa wastong edad ayon sa batas ng Estado, ay dapat makuha bago ang impormasyon na nagpapakilala sa tao ay ipinalabas sa mga opisyal ng mga kasaling ahensya na nagbibigay o nagbabayad para sa serbisyo ng transisyon.

Kung ang inyong anak ay kasali, o papasok, sa isang pribadong paaralan na hindi matatagpan sa parehong distrito ng paaralan kung saan kayo nakatira, ang inyong pahintulot ay dapat makuha bago maipalabas ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa tao tungkol sa inyong anak sa pagitan ng mga opisyal ng distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at sa mga opisyal ng distrito ng paaralan kung saan kayo naninirahan.

MGA PANSANGGALANG

34 CFR §300.623

Ang bawat kasaling ahensya ay dapat na protektahan ang pagkakompidensyal ng mga impormason na nagpapakilala sa tao sa mga yugto ng pagkokolekta, pagtatabi, pagbubunyag, at pagsisira. Ang isang opisyal sa bawat kasaling ahensy ay dapat na akuin ang responsibilidad sa pagtitiyak na ang pagkakompidensyal ng anumang impormasyon na nagpapakilala sa tao. Ang lahat ng mga tao na nagkokolekta o gumagamit ng impormasyon na nagpapakilala sa tao ay dapat na kumuha ng pagsasanay o tagubilin hinggil sa mga patakaran at pamamaraan ng ating Estado hinggil sa pagiging kompidensyal sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at FERPA. Ang bawat kasaling ahensya ay dapat magtabi, para sa pagsusuri ng publiko, ng isang pinakabagong listahan ng mga pangalan at posisyon noong mga empleyado sa loob ng ahensya na may paraang makagamit ng mga impormasyon na nagpapakilala sa tao.

PAGSISIRA NG IMPORMASYON

34 CFR §300.624

Kailangang ipagbigay-alam ng distrito ng inyong paaralan kung kailan ang impormasyon na nagpapakilala sa tao na nakolekta, natabi, o ginamit ay hindi na kinakailangan para makapagbigay ng edukasyon sa inyong anak.

Ang impormasyon ay kailangang sirain ayon sa inyong kahilingan. Gayunpaman, isang permanenteng rekord ng pangalan, address at numero ng telepono ng inyong anak, ang kaniyang mga grade sa paaralan, rekord ng attendance, baitang na nakumpleto at taon na nakumpleto ay maaaring taibi nang walang limitasyon sa panahon.

MGA KARAPATAN NG MGA BATA

34 CFR §300.625

Sa ilalim ng mga regulasyon ng FERPA sa 34 CFR 99.5(a), ang inyong mga karapatan hinggil sa mga rekord ng edukasyon ay ililipat sa inyong anak sa edad na 18 taon gulang.

Kung ang mga karapata na ibinigay sa inyo sa ilalim ng IDEA ay inilipat sa inyong anak na umabot na sa wastong edad, alinsunod sa 34 CFR 300.520, ang mga karapatan hinggil sa mga rekord ng edukasyon ay ililipat rin sa inyong anak. Gayunpaman, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay ng anumang pabatid na hinihiling sa ilalim ng §615 ng Act o Florida State Board of Education Rules 6A-6.03011 sa pamamagitan ng
6A-6.0361, Florida Administrative Code (F.A.C.), sa inyo at sa mag-aaral.

PAMAMAGITAN

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

34 CFR §300.506

And distrito ng paaralan ay dapat may maihandang magagamit na tagapamagitan na mapapahintulutan kkayo at ang distrito ng paaralan na lutasin ang mga hindi pagkakasunduan na kinasasangkutan ng anumang bagay sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kasama na ang mga bagay bagay na naganap bago ang pagsasampa ng reklamo sa angkop na proseso. Samakatuwid, ang tagapamagitan ay handang makuha para lutasin ang mga hindi pagkakasunduan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kayo man ay nagsampa o hindi ng angkop na proseso ng reklamo para hilingin ang angkop na proseso ng pagdinig tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pagsasampa ng Kahilingan para sa Angkop na Proseso ng Pagdinig***

Mga Kahilingan

Dapat tiyakin ng mga pamamaraan na ang proseso ng tagapamagitan ay:

1. Boluntaryo sa bahagi ninyo at sa bahagi ng distrito ng paaralan;
2. Hindi ginagamit o inaantala ang inyong karapatan para sa angkop na proseso ng pagdinig, o tanggihan ang anumang iba pang mga karapatan mayroon kayo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; **at**
3. Isinasagawa ng isang kuwalipikado at walang kinikilinganna tagapamagitan na sanay sa mga mabibisang pamamaraan ng pamamagitan.

Ang distrito ng paaralan ay maaaring gumawa ng mga pamamaraan na naghahandog sa mga magulang at paaralan na piniling huwag gamitin ang proseso ng pamamagitan, ng isang pagkakataon para makipagkita, sa isang oras at lokasyon na kombenyente para sa inyo, sa isang hindi interesadong partido:

1. Ang taong naka-kontrata sa isang angkop na alternatibong entity para sa paglulutas ng hindi pagkakasunduan, o pagsasanay sa magulang o sentro ng impormasyon, o sentro ng dulugan sa komunidad para sa magulang sa loob ng estado;
2. Isang taong magpapaliwanag sa mga benepisyo at hihikayatin ang paggamit ng proseso ng pamamagitan sa inyo.

Ang Estado ay dapat may listahan ng mga tao na kuwalipikadong mga tagapamagitan at alam ang mga batas at regulasyon na may kaugnayan sa pagkakaloob ng espesyal na kondisyon at mga nauugnay na serbisyo. Kailangang pumili ang Department of Education

mga tagapamagitan sa isang random, umiikot, o iba ang ng batayan.

Ang Estado ay responsabile sa halaga ng gastos para sa proseso ng pamamagitan, kasama na ang mga gastos ng pagpupulong. Ang bawat pagpupulong sa proseso ng pamamagitan ay dapat na ma-schedule sa isang napapanahong paraan at maganap sa isang lugar na pinakamadali para sa inyo at sa distrito ng paaralan. Ang parehong magulang at ang distrito ng paaraan ay maaaring hilingin na lumagda sa isang panunumpa sa pagkakompidensyal bago ang pagsisimula ng proseso ng pamamagitan.

Kung nalutas ninyo at ng distrito ng paaralan ang hindi pagkakasunduan sa pamamagitan ng proseso ng pamamagitan, ang parehong partido ay maaaring magkaroon ng legal na kasunduan na nagtatakda sa resolusyon na:

1. Nakasaad na ang lahat ng mga pag-uusap na naganap habang proseso ng pamamagitan ay mananatiling kompidensyal at hindi maaaring gamitin bilang katibayan sa anumang susunod na angkop na proseso ng pagding o sibil na paglilitis; **at**
2. Nilagdaan ito ninyong pareho kasama ang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na sumang-ayon para sa distrito ng paaralan.

Isang nakasulat na may lagdang kasunduan ay ipinapatupad sa anumang korte sa Estado ng may kakayaang hurisdiksyon (isang korte na may awtoridad sa ilalim ng batas ng Estado para duminig sa ganitong uri ng kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos.

Ang mga talakayan na naganap habang proseso ng pamamagitan ay dapat manatiling kompidensyal. Hindi maaaring gamitin ang mga ito bilang katibayan sa anumang panghinaharap na angkop na proseso ng pagdinig o sibil na paglilitis ng anumang korteng pederal o korte ng Estado ng Estado na tumanganggap ng tulong sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Walang kinikilingan na tagapamagitan

Ang
tagapamagitan:

1. Maaaring empleyado ng Department of Education o sa anumang distrito ng paaralan o anumang ahensya ng Estado na tumatanggap ng mga pondo mula sa IDEA sa pamamagitan ng Department of Education; **at**
2. Dapat ay may personal o professional na interes na sumasalungat sa layunin ng tagapamagitan.

Isang tao na dili kaya'y kuwalipikado bilagn isang tagapamagitan ay hindi dapat empleyado ng distrito ng paaralan o ahensya ng Estado dahil lamang siya ay binabayaran ng ahensya o distrito ng paaralan para maglingkod bilang isang tagapamagitan.

MGA PAMAMARAAN SA PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

MGA PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG AT MGA PAMAMARAAN SA PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

Ang mga regulasyon ng Bahagi B ng IDEA na itinakda ay may hiwalay na mga pamamaraan para sa mga reklamo sa Estado at sa mga angkop na proseso para sa mga reklamo at pagdinig. Tulad nang ipinaliwanag sa ibaba, sinumang indibiduwal o organisasyon ay maaaring magsampa ng reklamo sa Estado na nagpaparatang sa paglalabag sa anumang kahilingan sa Bahagi B ng distrito ng paaralan, ng Department of Education, o ng iba pang pampublikong ahensya. Ikaw lamang o ang distrito ng paaralan maaaring magsampa ng reklamo para sa makatuwiwang na may kaugnayan sa mungkahi o sa pagtanggi na umpisahan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, o pagtatalaga sa pag-aaral ng isang mag-aaral na may kapansanan, o sa pagkakaloob ng FAPE sa isang mag-aaral. Kahit na ang staff ng Department of Education ay karaniwang kailangang lutasin ang isang reklamo sa Estado sa loob ng 60 araw na base sa kalendaryo na takdang panahon, maliban kung ang takdang panahon ay maayos na pinatagal, isang walang kinikilingan na opisyal ng angkop na proseso ng pagdinig ay dapat na pakinggan ang angkop na proseso ng reklamo (kung hindi nalutas sa pamamagitan ng pagpupulong para makakuha ng resolusyon o sa pamamagitan ng pamamagitan) at magpalabas ng isang nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw batay sa kalendaryo makalias ang pagtatapos ng panahon ng pagbibigay ng resolusyon, tulad nang inilarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng pamagat na *Proseso ng Resolusyon*, maliban lang kung ang opisyal sa pagdinig ay nagkaloob ng tiyak na pagpapatagal sa takdang panahon ayon sa inyong kahilingan o kahilingan ng distrito ng estado. Ang reklamo sa Estado at ang angkop na proseso ng reklamo, resolusyon, at pagdinig na mga pamamaraan ay mas kumpletong inilalarawan sa ibaba.

PAGPAPATUPAD NG MGA PAMAMARAAN SA PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

34 CFR §300.151

Pangkalahatan

Ang Department of Education ay dapat mayroong mga nakasulat na pamamaraan para sa:

1. Paglulutas ng anumang reklamo, kasama na ang reklamo na isinampa ng isang organisasyon o indibiduwal mula sa ibang Estado;
2. Malawak na pinapalaganap ang mga pamamaraan ng pagrereklamo sa Estado sa mga magulang at iba pang mga interesadong indibiduwa, kasama na ang pagsasanay sa magulang at mga sentro ng impormasyon, proteksyon at ahensya ng tagapagtanggol, mga independiyenteng sentro ng tirahan, at iba pang mga angkop na entity.

Mga remediyo sa natanggihang angkop na serbisyo

Sa paglulutas ng reklamo kung saan natagpuan ng Estado sa Department of Education na may kabiguan sa pagkakaloob ng mga angkop na serbisyo, kailangang tugunan ng Department of Education ang:

1. Ang kabiguan na magkaloob ng mga angkop na serbisyo, kasama na ang mga pangwastong kilos na angkop para matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral; **at**
2. Angkop na panghinaharap na pagkakaloob ng mga serbisiyo para sa lahat ng mga bata na may kapansanan.

MINIMUM NA PAMAMARAAN SA PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

34 CFR §300.152

Limitasyon sa panahon; mga minimum na pamamaraan

Ang Department of Education ay kailangang isama sa mga pamamaraan ng pagrereklamo sa Estado ang isang limitasyon sa panahon na 60 araw batay sa kalendaryo makalipas na ang reklamo ay naisampa para:

1. Maisagawa ang isang independiyenteng on-site na imbestigasyon, kung napagpasyahan ng Department of Education na ang imbestigasyon ay kinakailangan;
2. Bigyan ng pagkakataon ang nagrereklamo para magsumite ng karagdagang impormasyon, na sinabi o nasa kasulatan, tungkol sa mga paratang ng nagrereklamo;
3. Magkaloob sa distrito ng paaralan o ng iba pang pampublikong ahensya ng oportunidad na tumugon sa reklamo,

kasama na, kahit man lang: (a) ang opsyon ng sa ahensya, isang mungkahi na lutasin ang reklamo; **at** (b) isang oportunidad para sa magulang na nagsampa ng reklamo at sa ahensya na sumang-ayon nang kusa para sumali sa pamamagitan;

4. Repasuhin ang lahat ng mahahalagang impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagpapasya kung ang distrito ng paaralan o ang iba pang pampublikong ahensya ay lumalabag sa kahilingan ng Bahagi B ng IDEA; **at**
5. Magpalabas ng nakasulat na desisyon sa nagrereklamo na tumutugon sa bawat alegasyon na nasa reklamo at naglalaman ng: (a) mga natuklasan na katotohanan at konklusyon; **at** (b) ga dahilan sa huling desisyon ng Department of Education

Palugit sa panahon; huling desisyon; pagpapatupad

Ang mga pamamaraan ng Department of Education na inilarawan sa itaas ay dapat rin:

1. Pahintulutan lamang sa palugit na 60 araw na base sa kalendayo na limitasyon sa panahon, kung: (a) may hindi pangkaraniwang pangyayari na naganap bilang kaugnayan sa isang partikuar na reklamo sa Estado; o (b) ang magulang at distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensya na kabilang ay boluntaryong sumang-ayon sa palugit na panahon para malutas ang bagay sa pamamagitan ng pamamagitan o alternatibong nangangahulugan ng resolusyon sa di pagkakaunawaan, kung mayroong magagamit sa Estado.
2. Magsama ng mga pamamaraan para sa mabisang pagpapatupa ng huling desisyon ng Department of Education, kung kinakailangan, kasama na ang: (a) mga aktibidad para sa teknikal na tulong; (b) mga negosasyon ,**at** (c) mga kilos na pangwasto para matamo ang pagsunod sa kautusan.

TALA: Ang mga reklamo na limitado sa gifted na edukasyon ay sakop sa State Board of Education Rule 6A-6.03313, *Mga Pansanggalang Para sa Mga Pambihirang Mag-aaral na "Gifted"*, at mayroong 90 araw base sa kalendaryo na limitasyon maliban kung may naaprubahan na palugit para sa mga hindi pangkaraniwang pagkakataon.

Mga reklamo sa estado at mga angkop na proseso ng pagdinig

Kung ang nakasulat na reklamo sa Estado na nataggap ay sumasailalim rin sa angkop na proseso ng pagdinig tulad nang inilarawan sa iaba sa ilalim ng pamagat na ***Pagsasampa ng Kahilingan para sa Angkop na Proseso ng Pagdinig,*** o ang reklamo sa Estado ay naglalaman ng maraming mga isyu na kung saan isa o higit pa ay bahagi ng nasabing pagpupulong, kailangang isantabi ng Estado ang reklamo, o anumang bahagi ng reklamo sa Estado na tinutugunan sa isang angkop na proseso ng pagdinig, hangga't matapos ang pagdinig. Anumang isyu sa reklamo sa Estado na hindi bahagi ng angkop na proseso sa pagdinig ay dapat malutas gamit ang limitasyon sa panahon at mga pamamaraan na inilarawan sa itaas.

Kung may sinabing isyu sa reklamo sa Estado na dati nang napagpasyahan sa isang angkop na proseso ng pagdinig na kinasasangkutan ng parehong mga partido (ikaw at ang distrito ng paaralan), sa gayon ang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay ipapatupad sa nasabing isyu na iyon at ang Department of Education ay dapat na ipagbigay-alam sa nagrereklamo na ipapatupad ang desisyon.

Isang reklamo na nagpaparatang sa distrito ng paaralan o ang kabiguan ng pampublikong ahensya na ipatupad ang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay dapat lutasin ng Department of Education.

PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ESTADO

34 CFR §300.153

Isang organisasyon o indibiduwal ay maaaring magsampa ng nakasulat na reklamo sa Estado sa ilalim ng mga pamamaraan na inilarawan sa ibaba.

Ang reklamo sa Estado ay dapat kinabibilangan ng:

1. Isang pahayag na ang distrito ng paaralan o iba pang ahensya ng publiko ay lumabag sa isang kahilingan ng Bahagi B ng IDEA o ng mga regulasyon nito, mga kahilingan ng Estado;
2. Ang mga katotohanan na nabatay ang pahayag;
3. Ang lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa nagrereklamo; at
4. Kung nagpaparatang ng mga paglalabag hinggil sa isang partikular na mag-aaral:
   (a) Ang pangalan ng mag-aaral at address ng tirahan ng mag-aaral;
   (b) Ang pangalan ng paaralan ng mag-aaral na pinapasukan nito;
   (c) Sa kaso ng isang walang tirahan na mag-aaral o kabataan, ang handang makuhang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at pangalan ng paaraan na pinapasukan ng mag-aaral;
   (d) Isang paglalarwan ng kalikasan ng problema ng mag-aaral, kasama na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; **at**
   (e) Isang minungkahing resolusyon sa problema sa saklaw na alam at handang magamit ng partido na nagsasampa ng reklamo sa panahon na isinampa ang reklamo.

Ang nagrereklamo ay dapat na magparatang ng paglalabag ng hindi hihigit sa **isang taon** bago ang petsa nang matanggap ang reklamo.

Ang partido na nagsasampa ng reklamo sa Estado ay dapat magpadala ng kopya ng reklamo sa distrito ng paaralan o iba pang ahensya ng publiko na naglilingkod sa mag-aaral sa parehong oras na magsampa ang partido ng reklamo sa Department of Education.

KAHILINGAN NG ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

MGA

PAMAMARAAN

PAGSASAMPA NG KAHILINGAN PARA SA ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

34 CFR §300.507

Pangkalahatan

Kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring magsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa anumang bagay bagay na may kaugnayan sa mungkhi o pagtanggi na simulan o baguhin ang pagkakakilanan, pagtatasa, pagpapasya sa pagiging karapat-dapat, o pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

Bilang karagdagan, alinsunod sa §1008.212, F.S., sa sa kaganapan na ang superintendent ng distrito ng inyong paaralan ay humiling ng isang hindi karaniwang hindi pagsali mula sa paglalahok sa pagtatasa ng estado na ibibigay sa inyong anak at ang Commissioner of Education ay tumanggi sa kahilingan na ito, may karapatan kayong humiling ng isang pinabilis na angkop na proseso ng paglilitis. Ang kahilingan na ito ay gagawin sa Department of Education. Sa sandaling kayo ay magsagawa ng kahilingan, ipagbibigay-alam sa inyo ang anumang libre o murang halagang legal na serbisyo o iba pang mga nauugnay na serbisyong handang makuha. Ang Department of Education ay magsasaayos ng isang pagdinig sa paksang ito sa State of Florida Division of Administrative Hearings. Ang pagdinig ay kailangang magsimula 20 araw ng pasukan makalipas na matanggap ang inyong kahilingan. Ang administrative law judge (ALJ) ay dapat magpasya sa loob ng 10 araw ng pasok sa paaralan makalipas na nakumpleto na ang pinabilis na pagdinig.

Ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay dapat magparatang sa isang paglalabag na naganap ng hindi hihigit sa dalawang taon bago kayo o ang distrito ng paaralan ay nagkaroon ng kaalaman o dapat ay nalaman ang pinaratang na kilos na bumubuo ng batayan sa reklamo ng angkop na proseso.

Ang takdang panahon sa itaas ay hindi ipapataw sa inyo kung hindi kayo makapagsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng itinakdang panahon dahil:

1. Tiyak na naglarawan ng pagkakamali ang distrito ng paaralan na nalutas nito ang mga isyu na kinilala sa reklamo; **o**
2. Ang distrito ng paaralan ay hindi nagbigay ng impormasyon mula sa inyo na hiniling itong magkaloob sa inyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Mga Legal na Serbisyo
Kailangang ipagbigay-alam ng distrito ng paaralan sa inyo ang anumang libre o murang halagang legal at iba pang mga kaugnay na serbisyong handang makuha sa lugar kung hilingin ninyo ang impormasyon, o kung kayo o ang distrito ng paaralan ay magsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig.

MGA KAHILINGAN NG ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

34 CFR §300.508
Pangkalahatan
Para humiling ng isang paglilitis, kayo o ang distrito ng paaralan (o ang inyong abogado o ang abogado ng distrito ng paaralan) ay dapat magsumite ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa kabilang partido. Ang nasabing kahilinga para sa angkop na proseso ng pagdinig na iyon ay dapat maglaman ng nilalaman na nakalista sa ibaba at dapat na manatiling kompidensyal.

Kayo o ang distrito ng paaralan, sinuman ang nagsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, ay dapat rin magkaloob sa Department of Education ng kopya ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig.

Nilalaman ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig
Ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay dapat naglalaman ng:

1. Pangalan ng mag-aaral;
2. Ang address ng tirahan ng mag-aaral;
3. Ang pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
4. Kung ang isang mag-aaral ay isang walang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayhan sa mag-aaral at angg pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
5. Isang paglalarwan ng kalikasan ng problema ng mag-aaral na may kaugnayan sa namungkahi o tinanggihang kilos, kasama na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; **at**
6. Isang namungahing resolusyon ng problema sa sakaw na kilala at handa ninyong gamitin o ng distrito ng paarlaan sa panahong iyon.

Kailangan ang pabatid bago ang pagdinig sa isang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig
Kayo o ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magkaroon ng angkop na proseso ng pagdinig hangga't kayo o ang distrito ng paaraan (o ang inyong abogado o abogado ng distrito ng paaraan) ay nagsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig na kinabibilangan ng impormasyong nakalista sa itaas.

Pagiging sapat ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig
Para magpatuloy ang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig, kailangan ay maturing sapat ito. Ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay ikokonsiderang sapat (nakatugon sa mga kahilingan sa nilalaman na nakasaad sa itaas) maliban kung ang partido na tumanggap ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig (kayo o ang distrito ng paaralan) ay nagbigay-alam sa opisyal ng pagdinig at sa kabilang partido sa pamamagitan ng kasulatan, sa loob ng 15 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, na ang tumatanggap na partido ay naniniwala na ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay hindi nakakatugon sa mga kahilingan na nakalista sa itaas.

Sa loob ng limang araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang abiso ng tumatanggap na partido (kayo o ang distrito ng paaralan) ay nakonsidera na hindi sapat ang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig, ang opisyal sa pagdinig ay dapat magpasya kung ang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig ay nakatugon sa mga kahilingan na nakalista sa itaas at ipagbigay-alam sa inyo at sa distrito ng paaralan kaagad sa pamamagitan ng kasulatan.

Pagsusog sa kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig
Kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig lamang kung:

1. Inaprubahan ng kabilang partido ang mga pagbabago sa pamamagitan ng kasulatan at binigyan ng pagkakataon na malutas ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa pamamagitan ng pagpupulong para makakuha ng resolusyon, na inilarawan sa ibaba; **o**
2. Hindi mas matagal sa limang araw bago magsimula ang angkop na proseso sa pagdinig, ang opisyal sa pagdinig ay magbibigay pahintulot sa mga pagbabago.

Kung ang nagrereklamong partido (kayo o ang distrito ng paaralan) ay magsagawa ng mga pagbabago sa kahilingan ng angkop na proseso ng pagdinig, ang mga takdang panahon para sa pagpupulong para sa resolusyon (sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang kahilingan para sa angkop na proseso para sa pagdinig) at ang panahon para sa resolusyon (sa loob ng 30 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang kahilingan para sa angkop na proseso sa pagdinig) magsimula ulit sa petsa nang isinampa ang nasusog na kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig.

Ang Local educational agency (LEA) o sagot ng distrito ng paaralan sa isang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig

Kung ang distrito ng paaralan ay hindi nagpadala ng paunang nakasulat na abiso sa inyo, tulad nang inilarawan sa ilalim ng Paunang Nakasulat na Pabatid, hinggil sa paksang nilalaman ng inyong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, kailangang sa loob ng 10 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang kahilingan para sa angkop na proseso sa pagdinig, ang distrito ng paaralan ay dapat magpadala sa inyo ng sagot na may nilalaman na:

1. Isang paliwanag kung bakit iminungkahi o tinanggihanng distrito ng paaralan na kumilos ayon sa kahilingan ng angkop na proseso ng pagdinig;
2. Isang paglalarawan ng iba pang mga opsyon na nakonsidera ng pangkat ng IEP ng mag-aaral at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsyon na iyon ay tinanggihan;
3. Isang paglalarawan sa bawat pamamaraan ng pagtatasa, pagsusuri, rekord, o ulat sa distrito ng paaralan na ginamit bilang batayan sa namungkahi o tinanggihang kilos; **at**
4. Isang paglalarawan ng iba pang mga elemento na mahalaga sa namungkahi o tinanggihang kilos ng distrito ng paaralan.

Ang pagbibigay ng impormasyon sa mga item 1 - 4 sa itaas ay hindi naghahadlang sa distrito ng paaralan sa pamimilit na ang inyong kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig ay hindi sapat.

Sagot ng ibang partido sa kahilingan ng angkop na proseso ng pagdinig

Ayon sa nakasaad sa ilalim ng ikalawang pamagat na nasa itaas, ang sagot ng LEA o ang distrito ng paaralan sa isang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig, ang partidong tumatanggap ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay kailangan, sa loob ng 10 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang kahilingan para sa angkop na proseso sa pagdinig, magpadala sa kabilang partido ng sagot na tiyak na sumasagot sa mga isyu na nasa kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig.

MGA MODELO NA FORM

34 CFR §300.509

Sa tungkulin nito bilang state educational (SEA), ang Department of Education ay dapat gumawa ng mga modelo na form para tulungan kayo na magsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig at reklamo sa estado. Gayunman, ang SEA o ang distrito ng paaralan ay maaaring hindi hilingin sa inyo na gamitin ang mga modelo na form na ito. Sa katotohanan, maaari ninyong gamitin ang form na ito o ang iba pang angkop na modelo na form, sa kundisyon na ito ay naglalaman ng hinihiling na impormasyon sa pagsasampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig o reklamo sa estado.

PAGTATALAGA SA MAG-AARAL HABANG ~~ISINASAGAWA ANG ANGKOP NA PROSESOMGA~~ PAGLILITIS

34 CFR §300.518

Maliban kung nakasaad sa ibaba sa ilali ng **Pagbabago sa Pagtatalaga Dahil sa Mga Pagtatanggal bilang Pagdisiplina (Disciplinary Removal)**, sa sandaling ang isang kahilingan sa proseso ng pagdinig ay napadala sa iba pang partido, sa panahon ng pagpoproseso ng resolusyon, at habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang kinikilingan na pagdinig o paglilitis sa korte, maliban kung kayo at ang SEA o ang distrito ng paaralan ay may ibang pinagkasunduan, ang inyong anak ay dapat manatili sa kaniyang kasalukuyang itinalagang paaralan.

Kung ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay kinasasangkutan ng isang application sa unang pagpasok sa isang pampublikong paaralan, ang inyong anak, kung may pahintulot ninyo, ay dapat ilagay sa regular na pampublikong programa ng paaralan hanggang matapos ang lahat ng nasabing mga paglilitis.

Kung ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay may kasamang application para sa unang mga serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa bata na lumilipat mula sa napaglingkuran sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA papunta sa Bahagi B ng IDEA at hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Bahagi C dahil ang bata ay tatlong taong gulang na, hindi kinakailangan mula sa distrito ng paaralan na magkaloob ng mga serbisyo sa Bahagi C na tinatanggap ng bata. Kung ang bata ay natagpuan na karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at pinayagan ninyo ang bata na tumanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, sa gayon, kahit hindi pa lumalabas ang resulta ng mga paglilitis, ang distrito ng paaralan ay dapat magkaloob noong espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo na hindi pinagtatalunan (iyong mga pinagkasunduan ninyo at ng distrito ng paaralan).

PROSESO NG RESOLUSYON

34 CFR §300.510

Pagpupulong sa resolusyon

Sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang inyong tinanggap ang pabatid sa kahilingan para sa inyong angkop na proseso ng pagdinig, at bago magsimula ang angkop na proseso ng pagdinig, ang distrito ng paaralan ay dapat magkita-kita sa isang pagpupulong kasama ninyo at ng mga mahalagang miyembro o mga miyembro ng pangkat ng IEP na may tiyak na kaaaman sa mga katotohanan na nakilala sa inyong kahilinga para sa angkop na proseso ng pagdinig. Ang pagpupulong:

1. Kailangan na kasama ang isang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad para magdesisyon sa ngalan ng distrito ng paaralan; **at**
2. Maaaring hindi kasama ang isang abogado ng distrito ng paaralan maliban kung kayo ay sinamahan ng isang abogado.

Kayo at ang distrito ng paaralan ang magpapasya sa mga mahalagang miyembro ng pangkat ng IEP na dadalo sa pagpupulong.

Ang layunin ng pagpupulong ay para talakayin ninyo ang inyong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, at ang mga katotohanan na bumubuo bilang batayan sa kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, para may oportunidad ang distrito ng paaralan na lutasin ang hindi pagkakaunawaan.

Ang pagpupulong ng resolusyon ay hindi kinakailangan kung:

1. Kayo at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na bawiin ang pagpupulong; **o**
2. Kayo at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon na gumamit ng proseso ng pamamagitan, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Pamamagitan***.

Panahon ng resolusyon

Kung hindi nalutas ng distrito ng paaralan ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ayon sa inyong kasiyahan sa loob ng 30 araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang kahilingan

para sa angkop na proseso ng pagdinig (sa takdang panahon para sa proseso ng resolusyon), ang angkop na pagdinig ay maaaring maganap.

Ang 45 na araw na base sa kalendaryo na itinakda para sa pagpapalabas ng huling desisyon ay magsisimula sa pagpapaso ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, na may ilang mga hindi kasali para sa mga pagbabago na gagawin sa panahon ng 30 araw na base sa kalendaryo, tulad ng inilarawan sa ibaba.

Maliban kung kayo at ang distrito ng paaralan ay parehong sumang-ayon na bawiin ang proseso ng resolusyon o gumamit ng pamamagitan, ang inyong kabiguan na lumahok sa pagpupulong ng resolusyon ay magpapaantala sa mga takdang panahon para sa proseso ng resolusyon at angkop na proseso ng pagdinig hangga't kayo ay sumang-ayon na lumahok sa pagpupulong.

Kung makalipas ang ilang pagsisikap, at isadokumento ang lahat ng mga pagsisikap na ito, ang distrito ng paaralan ay hindi kayo nakuhang sumali sa isang pagpupulong ng resolusyon, ang distrito ng paaralan ay maaaring, sa katapuan ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, hilingin na alisin ng ALJ ang inyong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig. Ang pagsadokumento ng nasabing mga pagsisikap ay dapat na may kasamang rekord ng mga pagsubok ng distrito ng paaralan sa mga pinagkasunduang oras at lugar, tulad ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga nasabing tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulatan na ipinadala sa inyo at anumang mga sagot na natanggap; at
3. Ang mga detalyadong rekord ng mga pagbisita na ginawa sa inyong tahanan ng magulang o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng nasabing pagbisita na iyon.

Kung nabig ang distrito ng paaralan na magsagawa ng mga pagpupulong ng resolusyon sa loob ng 15 araw na base sa kalendaryo nang tanggapin ang pabatid ng inyong kahilingan para sa angkop na pagdinig o nabigong sumalo sa pagpupulong ng resolusyon, maaari ninyong hilingin sa ALJ na ang 45 araw na base sa kalendaryo na proseso ng pagdinig ay magsimula na.

Mga pagbabago sa 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon

Kung kayo at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na bawiin ang pagpupulong ng resolusyon, sa gayon ang 45 na araw na base sa kalendaryo na takdang panahon para sa angkop na proseso ng pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Pagkatapos magsimula ang pamamagitan o ang pagpupulong ng resolusyon at bago ang katapusan ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, kung kayo at ang distrito ng paaralan ay nagkasundo sa kasulatan na walang kasunduan ang magaganap, sa gayon ang 45 araw na base sa kalendaryo na panahon para sa angkop na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Kung kayo at ang distrito ay sumang-ayon sa proseso ng pamamagitan, sa katapusan ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon, ang parehong partido ay maaaring magkasundo sa kasulatan na magpatuloy sa pamamagitan hanggang may maabot na kasunduan. Gayunman, kung kayo o ang distrito ng paaralan ay umalis mula sa proseso ng pamamagitan, sa gayon ang 45 araw na base sa kalendaryo na panahon para sa angkop na proseso ng pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Nakasulat ng Kasuduan ng Pagkakaayos

Kung ang resolusyon sa hindi pagkakasunduan ay naabot sa pagpupulong ng resolusyon, kayo at ang distrito ng paaralan ay dapat na mag-anib para sa isang legal na kasunduan na:

1. Nilagdaan ito ninyong pareho kasama ang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na sumang-ayon para sa distrito ng paaralan; **at**
2. Mapapatupad sa kahit na anumang korte ng Estado ng may kakayahang hurisdiksyon (korte ng Estado na may awtoridad na marinig ang ganitong uri ng mga kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos o ng Department of Education.

Panahon ng pagrerepaso sa kasunduan

Kung kayo at ang distrito ng paaralan ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng isang pagpupulong ng resolusyon, ang alinman sa partido (kayo o ang distrito ng paaralan) ay maaaring magpawalang bisa sa kasunduan sa loob ng tatlong araw na may pasok sa trabaho sa panahon na parehong kayo at ang distrito ng paaralan ay lumagda sa isang kasunduan.

MGA ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

WALANG KINIKILINGAN NA ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

34 CFR §300.511
Pangkalahatan

Tuwing may isinampang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, kayo o ang distrito ng paaralan na kasali sa hindi pagkakasunduan ay dapat magkaroon ng oportunidad para sa walang kinikilingan na proseso ng pagdinig, tulad nang inilarawan sa ***Kahiligan para sa Angkop na Proseso ng Pagdinig*** at ***Proseso ng Resolusyon*** na mga seksyon.

TALA: Bilang karagdagan sa paghihiling ng pamamagitan at pagsasama ng reklamo sa estado, ang mga magulang at distrito ng paaralan ay may karapatan na humiling ng walang kinikilingan na angkop na proseso ng pagdinig. Ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig ay magagawa hinggil sa anumang mungkahi o pagtanggi ng distrito ng paaralan para umpisahan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagtatasa, o pagtatalaga sa pag-aaral, o pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak. Kung ang angkop na proseso ng pagdinig ay kailanganin, ang pagdinig ay isasagawa nng Department of Education sa pamamagitan ng walang kinikilingan na ALJ kasama ng with Florida's Division of Administrative Hearings (DOAH) alinsunod sa naaangkop na mga Batas ng Florida at Mga Tuntunin ng State Board of Education.

Ang Florida ay may "isang-antas" na sistema ng proseso kung saan ang SEA o iba pang nasa antas ng Estado na ahensya o entity (maliban sa distrito ng paaralan) ay may pananagutan sa pagsasama ng mga dapat gawing mga proseso ng pagdinig. Isang apela mula sa desisyon ng angkop na proseso ng pagdinig ay direktang mapupunta sa pederal na distrito o korte ng Estado.

Walang kinikilingan na opisyal ng paglilitis/pagdinig (hal., ALJ)

Ang opisyal ng paglilitis/pagdinig ay dapat na kahit man lang:

1. Hindi isang empleyado ng SEA o ng distrito ng paaralan na kabilang sa pag-aaral o pag-aalaga sa mag-aaral. Gayunman, ang tao ay hindi isang

empleyado ng ahensya dahil lamang siya ay binabayaran ng ahensya para magsilbi bilangn isang opisyal sa paglilitis/pagdinig;

2. Dapat ay walang personal o professional na interes na sumasalungat sa layunin sa pagdinig ng opisyal sa paglilitis;
3. Kailangan ay may kaalaman at nauunawaan ang mga kundisyon ng IDEA at mga regulasyon ng pederal at Estado hinggi sa IDEA at legal na interpretasyon ng IDEA ng mga korteng pederal at Estado; **at**
4. Kailangan ay may kaalaman at kakayahan na magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, na hindi nagbabago at may angkop at batayang legal na practice.

Ang Department of Education ay magtatabi ng isang listahan noong mga tao na nagtatrabaho bilang mga AL na dapat ay kasama ang mga kuwalipikasyon ng bawat isa sa mga taong iyon.

Paksa ng angkop na proseso ng pagdinig
Ang partido (kayo o ang distrito ng paaralan) na humilihiling ng

magkaroon ng angkop na proseso ng pagdinig na hindi maaaring angkop na proseso ng pagdinig na hindi nasagot sa kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, maliban kung

Takdang panahon sa paghihiling ng pagdinig
Kayo o ang distrito ng paaralan ay dapat humiling ng isang walang kinikilingan na pagdinig sa isang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng dalawang taon nang kayo o ang distrito ng paaralan ay nagkaroon ng kaalaman o dapat na nalaman na ang isyu ay dapat tugunan sa kahilingan para sa angkop na pagdinig.

Mga hindi kasama sa takdang panahon
Ang takdang panahon sa itaas ay hindi ipapataw sa inyo kung hindi kayo makapagsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng itinakdang panahon dahil:

1. Tiyak na naglalarawan ng pagkakamali ang distrito ng paaralan na nalutas na nito ang problema o isyu na inyong sinabi sa inyong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig; **o**
2. Ang distrito ng paaralan ay hindi nagbigay ng impormasyon mula sa inyo na hiniling itong magkaloob sa inyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

MGA KARAPATAN SA PAGDINIG

34 CFR §300.512
Pangkalahatan
Anumang partido sa isang angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan sa pagdidisiplina) ay may karapatan na:

1. Kumatawan sa inyo ang isang counsel o ng isang kuwalipikadong kinatawan na may mga kuwalipikasyon at pamantayan na itikanda sa mga Tuntunin 28-106.106 at 28-106.107, F.A.C., o samahan at payuhan ng mga indibiduwal na may natatanging kaalaman o pagsasanay bilang paggalang sa mga problema ng mga mag-aaral na may mga kapansanan, o anumang kombinasyon ng mga nakasaad sa itaas;
2. Magpakita ng katibayan at ipagkumpara, suriin at hilingin ang attendance ng mga saksi;
3. Ipinagbabawal ang pagpapakilala ng anumang katibayan sa pagdinig na hindi napahayag sa nasabing partido ng kahit man lang limang araw ng trabaho bago ang pagdinig;
4. Kumuha ng nakasulat, o , sa inyong opinyon, electronic, at nakatala ang bawat salita na rekord ng pagdinig; **at**
5. Kumuha ng nakasulat, o , sa inyong opinyon, mga electronic na natuklasan na katotohanan at mga desisyon.

Mga karagdagang pagbubunyag ng impormasyon
Kahit manlamang limang araw na may trabaho bago ang angkop na proseso ng pagdinig, kayo at ang distrito ng paaralan ay dapat magpahayag sa bawat isa ng lahat ng mga pagtatasa nanakumpleto sa pagsapit ng petsang iyon at ang mga rekumendasyon na batay doon sa mga pagtatasa na kayo o ang distrito ng paaralan ay may layunin nna gamitin sa pagdinig. Isang ALJ ay maaaring maghadlang sa anumang partido na nabigong sumunod sa kahilingan na ito mula sa pagpapakilala ng mahahalagang pagtatasa o rekumendasyon sa paglilitis nang walang pahintulot ng kabilang panig.

Mga karapatan ng magulang sa

1. Naroroon ang anak;
2. Buksan ang pagdinig para sa publiko; **at**
3. Magkaroon ng rekord ng pagdinig, ang mga natuklasan

mga pagdinig
Kayo ay dapat na bigyan ng karapatan na:

katotohanan, at mga desisyon na binigay sa inyo nang walang kailangan ibigay pabalik.

MGA DESISYON SA PAGDINIG/PAGLILITIS

34 CFR §300.513
Desisyon ng ALJ
Ang desisyon ng ALJ kung ang inyong anak ay nakatanggap ng isang
FAPE ay dapat na batay sa mga tunay na batayan.

Sa mga paksa na nagpaparatang sa mga paglalabag sa pamamaraan, maaaring mapasyahan ng opisyal sa pagdinig na ang inyong anak ay hindi lang nakatanggap ng FAPE kung may mga pagkukulang sa pamamaraan:

1. Nakasagabal sa karapatan ng inyong anak na magkaroon ng FAPE;
2. Lubos na nakagambala sa inyong oportunidad na lumahok sa pagdedesisyon hinggil sa pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak; **o**
3. Naging sanhi ng pagkakait sa benepisyo sa edukasyon.

Sugnay sa Pagbubuo
Wala sa alinman sa mga kundisyon na inilarawan sa itaas ay maaaring mapaliwanag para maiwasan ang ALJ na mag-utos sa distrito ng paaralan na sumunod sa mga kahilingan sa mga pansanggalang sa pamamaraan na seksyon ng mga pederal na regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA)34 CFR §§300.500 thanggang 300.536).

Hiwalay na kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig
Walang nakasulat sa seksyon ng pansanggalang sa pamamaraan ng pederal na mga regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (34
CFR §§300.500 hanggang 300.536) ang mapapaliwanag para mapigil kayo sa pagsasampa ng kahilingan para sa hiwalay na angkop na proseso ng pagdinig sa isang isyu na hiwalay mula sa kahilingan ng angkop na pagdinig na naisampa na.

Mga natuklasan at desisyon sa advisory panel at pangkalahatang publiko

Ang SEA o distrito ng paaralan (alinman ang may pananagutan sa inyong pagdinig) , makalipas na burahin ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa tao, ay dapat na:

1. Ibigay ang mga natuklasan at desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig o apela sa advisory panel ng espesyal na edukasyon ng Estado; **at**
2. Gawing handang makuha o makita ang mga natuklasan at desisyon na ito sa publiko.

MGA APELA

KAWAKASAN NG DESISYON; APELA; WALANG KINIKILINGAN PAGREREPASO

34 CFR §300.514

Kawakasan ng desisyon sa pagdinig/pagliliti

Ang desisyon sa isang angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang paglilitis na may kaugnayan sa mga pamamaraan para sa pagdidisiplina) ay huli, maliban sa anumang partido na kablang sa paglilitis (kayo o ang distrito ng paaralan) ay maaaring mag-apela sa desisyon sa pamamagitan ng pagdadala sa huwes o pagdemanda, tulad nang inilarawan sa ibaba.

MGA TAKDANG PANAHON AT KADALIAN NG MGA PAGDINIG AT MGA PAGREREPASO

34 CFR §300.515

Kailangan tiyakin ng SEA na hindi mas huhuli sa 45 araw na base sa kalendaryo makalipas ang pagpapaso ng 30 araw na base sa kalendaryo na panahon para sa mga pagpupulong ng resolusyon **o**, tulad nang inilawaran sa ilalim ng ikalawang pamagat na ***Mga Pag-aayos sa 30 araw na base sa kalendaryo na panahon ng resolusyon***, nang hindi mas tatagal sa 45 araw na base sa kalendaryo makalipas ang pagpapaso ng takdang panahon para sa pag-aayos:

1. Magkakaroon ng huling desisyon sa pagdinig; **at**
2. Isang kopya ng desisyon ay ipapadala sa bawat isa sa mga partido.

Ang ALJ ay maaaring magkaloob ng mga tiyak na palugit sa panahon na higit sa 45 araw na base sa kalendaryo tulad nang inilarawan sa itaas sa kahilingan ng kahit na alin sa mga partido. Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa isang oras at lugar na madali na maabot ninyo at ng inyong anak.

MGA SIBIL NA KILOS, KASAMA NA ANG TAKDANG PANAHON KUNG SAAN MAISASAMPA ANG MGA KILOS NA IYON

34 CFR §300.516

Pangkalahatan

Anumang partido (kayo o ang distrito ng paaralan) na hindi sumang-ayon sa mga natuklasan at desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig (kasama na ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan na pandisiplina) ay may karapatan na magdemanda na may kaugnayan sa paksa na tinutukoy sa angkop na proseso ng pagdinig. Ang demanda ay maaaring dalhin sa korte ng Estado ng may kakayahang hurisdiksyon (korte ng Estado na may awtoridad na marinig ang ganitong uri ng mga kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos nang hindi isinasaalang-alang ang halaga na pinagtatalunan.

Limitasyon sa panahon

Ang partido (kayo o ang distrito ng paaralan) na nagdemanda ay may 90 araw na base sa kalendaryo mula sa petsa nang ipalabas ang desisyon ng ALJ para makapaghabla.

Mga karagdagang pamamaraan

Sa anumang demanda, ang korte ay:

1. Tumanggap ng mga rekord ng mga administratibong paghahabla;
2. Nakarinig ng mga karagdagang katibayan ayon sa inyong kahilingan o sa kahilingan ng distrito ng paaralan; **at**
3. Batay ang mga desisyon nito sa pananaig ng katibayan at nagkakaloob ng tulong na naturing na angkop mula sa korte.

Hurisdiksyon ng mga korte ng distrito

Ang mga korte sa distrito sa Estados Unidos ay may awtoridad na utusan ang mga kilos na buhat sa Bahagi B ng IDEA nang hindi isinasaalang-alang ang halaga na pinagtatalunan.

Tuntunin ng Pagbubuo

Walang nakasaad sa Bahagi B ng IDEA ang nagbabawal o nagbibigay limitasyon sa mga karapatan, pamamaraan, at remediyo o kalutasan na magagamit sa ilalim ng Konstitusyon ng Estados Unidos, and Americans with Disabilities Act of 1990, Title V ng Rehabilitation Act of 1973 (Section 504), o iba pang batas pederal na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga bata na may kapansanan, maliban sa bago magsampa ng demanda sa ilalim ng mga batas na ito na humahangad ng tulong, ay makikita rin ito sa Bahagi B ng IDEA, ang mga angkop na proseso ng pagdinig na inilarawan sa itaas ay dapat na naubos sa parehong sukduluan na ito ay hiniling, kkung ang partido ay nagsampa ng kilos sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Ito ay nangangahulugan na may mga kalutasan na magagamit sa ilalim ng iba pang mga batas na pumapangibabaw doon sa mga magagamit sa ilalim ng IDEA , pero sa pangkalahatan, para makakuha ng tulong sa ilalim ng mga batas na iyon, kailangan muna ninyong gamitin ang mga magagamit na administratibong remediyo sa ilalim ng IDEA (hal. ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, pagpupulong ng resolusyon, at walang kinikilingan na pamamaraan para sa angkop na pagdinig) bago dumiretso sa korte.

MGA SINGIL NG ABOGADO

34 CFR §300.517

Pangkalahatan

Sa anumang habla o pagdinig na saklaw sa ilalim nng Bahagi B ng IDEA, kung kayo ang mananaig, ang korte, sa ilalim ng pagpapasya nito, ay maaaring magkaloob ng makatuwirang pagbabayad sa singilin ng abogado bilang bahagi ng mga halaga na ibibigay sa inyo.

Sa anumang habla o paglilitis na nasa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang korte, sa desisyon nito, ay maaaring maggantimpala ng bayad sa singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastos nito sa isang nananaig na SEA o distrito ng paaraan, na babayaran ng inyong abogado, kung ang abogado ay: (a) nagsampa ng reklamo o kaso sa korte na napagpasyahan ng korte na walang kabuluhan, walang katuwiran, o walang batayan ; **o** (b) patuloya na naghahabla makalipas na ang paglilitis ay malinaw na nawalan ng kabuluhan, nawalan ng katuwiran, o walang batayan ; **o**

Sa anumang habla o paglilitis na saklaw sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ng korte, sa pagpapasya nito, ay maaaring maggantimpala ng mga singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastusin sa isang nananaig na SEA o distrito ng paaralan na babayaran ninyo o ng inyong abogado, kung ang inyong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig o sumunod na kaso sa korte ay ipinakita para sa anumang hindi wastong layunin, tulad ng panggugulo, maging sanhi ng hindi kinakailangan pagkakaantala, o hindi kinakailangang pagtaas ng mga gastusin ng demanda o paglilitis.

Paggantimpala ng mga singilin

Ginantimpalaan ng korte ang makatuwirang singilin ng abogado ayon sa mga sumusunod:

1. Ang mga singilin ay dapat na batay sa mga halaga na kasalukuyang ginagamit sa komunidad kung saan ang demanda o pagdinig ay nagmula para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ipinagkaloob. Walang bonus o multiplier ang maaaring gamitin sa pagkukuwenta ng binigay na singilin.
2. Ang mga singilin ay hindi puwedeng ibigay at ang mga naugnay na gastusin ay hindi maaaring bayaran pabalik sa anumag habla o paglilitis sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa mga ipinagkaloob na serbisyo makalipas ang isang nakasulat na alok ng pag-aareglo sa inyo kung:
   a. Ang alok ay isinagawa sa loob ng panahon na itinakda ayon sa Rule 68 ng Federal Rules of Civil Procedure o, sa kaso ng angkop na proseso ng pagdinig, kahit kailan na higit sa 10 araw na base sa kalendaryo bago ang pagsisimula ng paglilitis;
   b. Ang alok ay hindi tatanggapin sa loob ng 10 araw na base sa kalendaryo; **a**t
   c. Natuklasan ng korte o ALJ na ang tulong na sa wakas ay nakuha ninyo ay hindi kapakipakinabang sa inyo kaysa sa alok na pag-areglo.

   Kahit na may mga limitasyon, isang gantimpala sa mga singilin ng abogado at mga nauugnay na gastusin ay maaaring ibigay sa inyo kung kayo ay nanais at lubos na nabigyang katuwiran sa pagtatanggi sa alok ng pakikipag-areglo.
3. Ang mga singilin ay hindi ibibigay sa may kaugnayan sa anumang pagpupulong ng pangkat ng IEP maliban kung ang pagpupulong ay isinagawa bilang resulta ng isang administratibong paglilitis o demanda sa korte.

   TALA: Ang mga singilin ay hindi puwedeng ibigay para sa pamamagitan tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na *Pamamagitan*.

Isang pagpupulong ng resolusyon, tulad nang inilarawan sa ilalim ng pamagat na Pagpupulong ng resolusyon, ay hindi matuturing na tinawag na pagpupulong bilang resulta ng isang administritibong paglilitis o demanda sa korte, at hindi rin tinuturing na isang administratibong paglilitis o demanda para sa mga layunin ng mga kundisyong ito ng singilin ng abogado.

Binabawasan ng korte, batay sa pangangailangan, ang halaga ng mga singilin ng abogado na ibinigay sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kung matuklasan ng korte na:

1. Kayo, ang inyong abogado, sa tagal ng habla o paglilitis, ay walang katuwirang nagpaantaa sa huling resolusyon ng hindi pagkakasunduan;
2. Ang halaga ng mga singilin ng abogado ay dili kaya'y awtorisado na bigyan nang walang katuwiran ay lumampas sa orasan na halaga na kasalukuyang ipinapatupad sa komunidad para sa mga katulad na serbisy ng mga abogado na may katulad na kakayahan, reputasyon, at karanasan;
3. Ang oras na inilaan at ang mga legal na serbisyong ibinigay sa sobra sobra kung ikokonsidera ang kalikasan ng habla o paglilitis; **o**
4. Ang abogado na kumakatawan sa inyo ay hindi nagkaloob sa distrito ng paaralan na sapat na impormasyon sa kahilingan ng angkop na proseso ng pagdinig tulad nang inilarawan sa pamagat na ***Mga Angkop na Proseso ng Pagdinig.***

Gayunman, hindi maaaring bawasan ng korte ang mga singilin kung natuklasan ngkorte na ang Estado o ang distrito ng paaralan ay walang katuwirang ipinaantala ang huling resolusyon ng habla o paglilitis o kung may paglalabag sa ilalim ng mga kundisyon ng pansaù ng Bahagi B ng IDEA.

MGA PAMAMARAAN KAPAG NAGDIDISIPLINA NG MGA MAG-AARAL NA MAY KAPANSANAN

AWTORIDAD NG TAUHAN NG PAARALAN

34 CFR §300.530; Rule 6A-6.03312, F.A.C.

Pagpapasya kada kaso

Ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring ikonsidera ang anumang bukod tanging pangyayari kada kaso, kapag pinagpapasyahan kung ang pagbabago sa pagtatalaga, na ginawa alinsunod sa mga sumusunod na kahilingan na may kaugnayan sa disiplina ay angkop sa isang bata na may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng paaraan para sa pag-uugali ng magulang.

Pangkalahatan

Sa saklaw na gagawin rin nila ang nasabing kilos sa mga bata na walang kapansanan, ang mga tauhan ng paaraan ay maaaring nang hindi hihigit sa 10 araw na sunod-sunod na may pasok, alisin ang isang mag-aaral na may kapansanan na lumalabag sa kodigo sa pag-uugali ng mag-aaral mula sa kanyang kasaukuyang naitalagang posisyon sa paaralan patungo sa isang angkop na pansamantalang aternatibong lugar na pag-aaralan (na dapat mapagpasyahan ng pangkat ng IEP ng mag-aaral), iba pang lugar, o suspensyon. Ang mga tauhan ng paaralan ay maaari rin mag-utos ng karagdagang mga aalisin ng mag-aaral ng hindi hihigit sa **10 araw na sunod-sunod na may pasok** sa paaralan sa parehong taon ng pasukan na iyon para sa magkahiwalay na mga pangyayari ng hindi wastong pag-uugali; basta't ang mga pag-aalis na iyon ay hindi bumubuo sa pagbabago ng pagtatalaga sa paaralan (tingnan ang ***Pagbabago sa Pagtatalaga Dahil sa Pag-aalis bilang Pagdidisiplina*** para sa kahulugan, tingnan sa ibaba)

Karagdagang Kapangyarihan

Kung ang pag-uugali na lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral ay hindi isang pagpapatunay ng kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang ***papapasya sa katunayan***, sa ibaba) at ang pagbabago sa pagtatalaga bilang pandisiplina ay hihigit sa **10 araw na sunod-sunod na pasok sa paaralan**, ang tauhan ng paaralan ay maaaring gumami ng mga pamamaraan na pandisiplina sa nasabing mag-aaral na may kapansanan na iyon sa parehong paraan at sa parehong tagal ng panahon tulad ng sa mga mag-aaral na walang kapansanan, sa pagkakaiba na ang paaralan na iyon ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa nasabing mag-aaral tuad nang inilarawan sa ibaba sa ilalim ng **Mga Serbisyo**. Ang

pangkat ng IEP ng mag-aaral ang magpapasya sa pansamantalang alternatibong edukasyon para sa nasabing mga serbisyo.

Mga Serbisyo
Ang mga serbisyo na dapat ibigay sa isang mag-aaral na may kapansanan na inalis mula sa kasalukuyang pagtatalaga sa paaralan ay maaaring bigyan ng pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon.

Ang distrito ng paaralan ay kinakailangan lamang na magbigay ng mga serbisyo sa isang mag-aaral na may kapansanan na inalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagtatalaga sa paaralan ng **10 araw ng pasok sa paaralan o mas kaunti** pa sa nasabing taon ng pasukan kung ito ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa isang mag-aaral na walang kapansanan na naalis rin.

Ang mag-aaral na may kapansanan na inalis mula sa kasalukuyang pagkakatalaga sa paaraan ng **higit sa 10 araw na pasok sa paaralan** ay dapat na:
1. Patuloy na tumanggap ng mga serbisyo sa edukasyon, para mapahintulutan ang mag-aaral na patuloy na makasai sa general education na kurikulum, kahit na sa ibang settng, at para umunlad para makamit ang kanilang mga pakay na itinakda sa IEP ng mag-aaral; **at**
2. Tumanggap, kung kinakailangan, ng pagtatasa sa pag-uugali at pamamagitan sa pag-uugali at mga pagbabago na ginawa para matugunan ang paglabag sa pag-uugali para hindi ito mangyari muli.

Makalipa na ang mag-aaral na may kapansanan ay naalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagtatalaga sa edukasyon ng 10 araw na may pasok sa parehong taon ng pasukan, at kung ang kasalukuyang pag-aalis ay para sa 10 araw na sunod-sunod na may pasok o mas kaunti pa at kung ang pag-aalis ay hindi pagbabago sa pagtataaga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), sa gayn ang tauhan ng paaralan, makalipas na konsulta ang (mga) guro sa espesyal na edukasyon, ay napagpasyahan ang saklaw kung saan kailangan ang mga serbisyo para mapahintulutan ang mag-aaral na patuloy na makasali sa general education na kurikulum, kahit na sa ibang lugar, at para umunlad patungo sa pagtatamo ng kanyang mga pakay na itinakda sa IEP ng mag-aaral.

Kung ang pag-aalis ay isang pagbabago sa pagtatalaga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), ang pangkat ng IEP ng mag-aaral ay magpapasya sa mga angkop na serbisyo para mapahintulutan ang mag-aaral na patuloy na makasali sa general education na kurikulum, kahit na sa ibang lugar, at umunlad patungo sa pagtatamo ng kaniyang mga pakay na itinakda sa IEP ng mag-aaral.

Pagpapasya sa katunayan
Sa loob ng 10 araw na may pasok ng anumang desisyon na baguhin ang pagkakatalaga sa mag-aaral na may kapansanan sanhi ng paglalabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral (maliban sa pag-aalis na para sa 10 araw na sunod-sunod na may pasok sa paaralan o mas kaunti pa at hindi pagbabago sa isang pagtatalaga), ang distrito ng paaralan, ang magulang, at ang mga kaugnay na miyembro ng pangkat ng IEP (tulad nang napagpasyahan ng magulang at distrito ng paaralan) ay dapat repasuhin ang lahat ng mga mahahalagang impormasyon sa file ng mag-aaral, kasama na ang IEP ng mag-aaral, anumang mga obserbasyon ng mag-aaral, at anumang mahalagang impormasyon na ipinagkaob ng mga magulang para matiyak:
1. Kung ang pag-uugali na pinag-uusapan ay sanhi ng, o may direkta at mahalagang ugnayan sa, kapansanan ng mag-aaral; **o**
2. Kung ag pag-uugali na pinag-uusapan ay ang direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang IEP ng mag-aaral

Kung ang distrito ng paaralan, ang magulang, at mga nauugnay na miyembro ng pangkat ng IEP ng mag-aaral ay nagpasya na alinman sa mga kundisyong ito ay natugunan, ang pag-uugali ay dapat mapasyahan na isang pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral.

Kung ang distrito ng paaralan, ang magulang, at mga nauugna na miyembro ng pangkat ng IEP ng mag-aaral ay napagpasyahan na ang pag-uugali na pinag-uusapan ay isang direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaraan na ipatupad ang IEP, ang distrito ng paaralan ay dapat kumilos agad para lutasin ang mga pagkukulang na iyon.

Pagpapasya na ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral
Kung ang distrito ng paaralan, ang magulang at ang mga nauugnay na miyembro ng pangkat ng IEP ay nagpasya na ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral, ang pangkat ng IEP ay dapat na:
1. Magsagawa ng pagtatasa sa pag-uugali, maliban na lamang kung ang distrito ng paaralan ay nagsagawa ng isang pagtatasa sa pag-uugali bago ang pagpapakita ng pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng pagtatalaga, at ang pagpapatupad sa plano ng pamamagitan sa pag-uugali para sa mag-aara; **o**
2. Kung ang plano ng pamamagitan sa pag-uugali ay nagawa na, balik aralan ang plano ng pamamagitan sa pag-uugali at baguhin ito, kung kinakailangan, para matugunan ang pag-uugali.

Maliban kung inilarawan sa ibaba sa ilalim ng ikalawang pamagat na ***Mga Natatanging Pangyayari***, ang distrito ng paaralan ay dapat isauli sa mag-aaral kung saan ito orihinal na natalaga kung saan inalis ang mag-aaral, maliban kung ang magulang at ang distrito ay nagkasundo na baguhin ang pagkakatalaga bilang bahagi ng pagbabago sa plano ng pamamagitan sa pag-uugali.

Mga Natatanging Pangyayari
Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita man o hindi sa kapansanan ng mag-aaral, ang tauhan ng paaralan ay maaaring mag-alis sa isang mag-aaral at ilagay sa isang pansamantalang alternatibong lugar na pag-aaralan (pagpapasyahan ng pangkat ng IEP ng mag-aaral) na hanggang 45 araw ng pasok sa paaralan, kung ang mag-aaral ay:
1. May dalang armas (tingnan ang pagpapaliwanag sa ibaba) sa paaralan, o may armas sa paaralan, sa ari-arian ng paaralan, o sa kaganapan ng paaraan sa ilalim ng hurisdiksyon ng Department of Education o distrito ng paaralan;
2. Alam na mayroon o gumagamit ng bawal na gamot (tingnan ang pagpapaliwanag sa ibaba), o nagbebenta o nagpipilit na magbenta ng kontroladong gamot (tingnan ang paliwanag sa ibaba), habang nasa paaraan, o sa mga ari-arian ng paaralan, o sa

kaganapan sa pag-aaral sa ilalim ng hurisdiksyon ng Department of Education o distrito ng paaralan; **o**

3. Nakapagdulot ng pisikal na pinsala sa iba (tingnan ang pagpapaliwanag sa ibaba) habang nasa paaralan, o may armas sa paaralan, sa ari-arian ng paaralan, o sa kaganapan ng paaraan sa ilalim ng hurisdiksyon ng Department of Education o distrito ng paaralan;

Mga Kahulugan

Ang *Kontroladong gamot* ay nangangahulugang gamot o iba pang substane na kinalala sa ilalim ng mga schedule na I, II, III, IV, o V sa §202(c) ng Controlled Substances Act, 21 U.S.C. 812(c) at §893.02(4), Florida Statutes.

Ang *bawal na gamot* ay nangangahulugang isang kontroladong gamot pero hindi kasama ang substance na legal na dala o gamit sa ilalim ng superbisyon ng isang may lisensyang professional sa pangangalaga ng kalusugan o dala sa ligal na paraan o gamit sa ilalim ng

anumang iba pang awtoridad sa ilalim ng Kontroladong Gamot Act, 21 U.S.C. 812(c) o iba pang mga kundisyon ng batas pedaral.

Ang Interim alternative educational setting (IAES) ay nangangahulugan na iba't ibang lokasyon kung saan ang mga serbisyong pang-edukasyon ay na ibinibigay sa isang partikular na takdang panahon sanhi ng mga dahilang pandisiplina at nakakatugon sa mga kahilingan ng State Board of Education Rule 6A-6.03312.

Ang *malubhang pinsala sa katawan* ay nangangahulugang sakit sa katawan na kinabibilangan ng posibleng panganib ng pagkamatay; lubusang pisikal na pananakit; tumagal at halatang pag-iiba ng anyo; o matagal na kawalan o kakulangan ng kakayahan na gumana ng parte ng katawan, organ, o kaisipan.

Ang *armas* ay nangangahulugang isang armas, aparato, instrumento, materyal, o substance, gumagalaw o hindi gumagalaw, na ginamit, o handang gamitin para maging sanhi ng kamatayan o matinding pananakit sa katawan, maliban na lamang kung ang nasabing katawagan ay hindi kasama ang pocket knife na may talim na mas maiksi sa dalawa at kalahating inch na haba.

Abiso

Sa petsa na magdesisyon ito na mag-alis, ito ay matuturing na pagbabago sa pagtatalaga ng mag-aaral dahil sa paglalabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, kailangang ipagbigay-alam ng distrito ng paaraan sa mga magulang ang desisyon na iyon at bigyan ang mga magulang ng isang pabatid para sa pansanggalang sa pamamaraan.

PAGBABAGO SA PAGTATALAGA DAHIL SA PAG-AALIS BILANG PANDISIPLINA

34 CFR §300.536

Ang pag-aalis sa isang mag-aaral na may kapansanan mula sa kasalukuyang itinalagang lugar ng edukasyon ng mag-aaral ay isang **pagbabago sa pagtatalaga** kung:

1. Ang pag-alis ay para sa higit sa 10 araw na may pasok na sunod-sunod; **o**
2. Ang mag-aaral ay sumailalim sa sunod sunod na mga pag-aalis na bumubuo isang huwaran dahil:
   a. Isang serye ng mga inalis na higit sa 10 araw ng pasok sa paaralan sa isang taon ng pasukan;
   b. Ang pag-uugali ng mag-aaral ay lubos na katulad ng pag-uugali ng mag-aaral sa mga naunang pangyayari na nagresulta sa sunod sundo na mga pag-aalis;
   c. Sa nasabing mga dagdag na dahilan tulad ng tagal ng bawat pag-aalis, ang total na tagal ng panahon na ang mag-aaral ay inalis, at ang pagitan ng mga pag-aalis sa isa't isa; **at**

Kung ang modelo ng mga pinaalis ay bumubuo sa pagbabago sa pagtatalaga na tiniyak sa isang batayan kada kaso ng distrito ng paaralan at, kung hinamon, ay sumasailalim sa pagrerepaso sa pamamagitan ng angkop na proseso at mga paglilitis ng hukom.

PAGPAPASYA SA LUGAR

34 CFR § 300.531

Ang pangkat ng IEP ay dapat magpasya kung anong pansamantalang alternatibo na lugar na pag-aaralan sa mga inalis na mga **pagbabago ng pagtatalaga** at mga pinaalis sa ilalim ng pamagat na *Karagdagang awtoridad at Espesyal na mga pangyayari* sa itaas.

APELA

34 CFR § 300.532

Pangkalahatan

Ang magulang ng isang mag-aaral na may kapansanan ay maaaring magsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig kung siya ay di sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon hinggil sa pagtatalaga na ginawa sa ilalim ng mga kundisyon na pandisiplina na ito; **o**
2. Ang pagpapasya sa katunayan na inilarawan sa itaas.

Ang distrito ng paaralan ay maaaring magsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig kung naniniwala ito na ang pananatili ng kasalukuyang pagtatalaga sa mag-aaral ay marahil na magreresulta sa pinsala sa mag-aaral o sa iba.

Awtoridad ng isang ALJ

Ang isang ALJ ay dumidinig at nagpapasya hinggil sa isang apela at hinihiling ang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig hinggil sa pagdidisiplina at, sa pagpapasya:

1. Maaaring ibalik ng ALJ ang isang mag-aaral na may kapansanan sa pagkakatalaga kung saan ang mag-aaral ay inalis kung napagpasyahan ng ALJ na ang pag-aalis ay isang paglalabag sa mga hiniling na inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Awtoridad ng Tauhan sa Paaralan***, o ang pag-uugali ng mag-aaral ay isang pagpapakita sa kapansanan ng mag-aaral; **o**
2. Mag-utos ng isang pagtatalaga ng mag-aaral na may kapansanan sa isang angkop na interim alternative educational setting (IAES) nang hindi hihigit sa 45 araw ng pasok sa paaralan kung napagpasyahan ng ALJ na ang pananatili sa kasalukuyang pagkakatalaga ng mag-aaral ay marahil na magresulta sa pinsala sa mag-aaral o sa iba.

Ang mga pamamaraan sa pagdinig na ito ay maaaring ulitin kung naniniwala ang distrito ng paaraan na ang pagbabalik sa mag-aaral sa

orihinal na lugar nito ay marahil na magresulta sa pinsala sa mag-aaral o sa iba.

Kapag may magulang o distrito ng paaralan na nagsampa ng kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig, kailangang maganap ang isang pagdinig na nakakatugon sa mga kahilingan na inilarawan sa ilalim ng mga pamagat na ***Mga Kahilingan para sa Angkop na Proseso ng Pagdinig, Angkop na Proseso ng Pagdinig***, maliban na lamang kung:

1. Ang Department of Education o distrito ng paaralan ay dapat na isaayos ang isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig, na dapat maganap sa loob ng **20** araw ng pasok sa paaralan simula nang petsa ng pagdinig ay hiniling at dapat magresulta sa isang pagpapasya sa loob ng 1**0** araw ng pasok makalipas ang pagdinig.
2. Maliban kung ang mga magulang at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa isang kasulatan na bawiin ang pagpupulong, o sumang-ayon na gumamit ng pamamagitan, isang pagpupulong ng resolusyon ay dapat maganap sa loob ng **pitong** araw na base sa kalendaryo nang matanggap ang pabatid para sa kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig. Ang pagdinig ay maaaring magpatuloy maliban na lamang kung ang paksa ay nalutas sa kasiyahan ng parehong partido sa loob ng **15** araw na base sa kalendaryo nang matangga ang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig.
3. Maaaring itatag ng Estado ang ibang mga tuntunin sa pamamaral para sa pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig na itinakda nito para sa ibang angkop na pagdinig, pero, maliban sa mga takdang panahon, ang mga tuntunin na iyon ay dapat na katulad sa mga tuntunin sa dokumentong ito hinggil sa mga proseso ng pagdinig.

Maaaring mag-apela ang isang partido sa desisyon ng pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig sa parehong paraan tuad nang pagdedesisyon sa ibang mga angkop na proseso ng pagdinig (sumangguni sa ***Mga Apela***, sa itaas)

PAGTATALAGA HABANG ISINASAGAWA ANG APELA

34 CFR §300.533

Kapag, tulad nang inilarawan sa itaas, ang magulang o distrito ng paaralan ay nagsampa ng isang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig na may kaugnayan sa disiplina, ang mag-aaral ay dapat (maliban lamang kung ang magulang at ang Department of Education o distrito ng paaralan ay may ibang pinagkasunduan) manatili sa isang interim alternative educational setting habang nakabinbin ang desisyon ng ALJ o hanggang magpaso ang takdang panahon sa pag-aalis tulad nang nasa kundisyon at inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan***, kung alinman ang mauna.

MGA PROTEKSYON PARA SA MGA MAG-AARAL NA HINDI PA KARAPAT-DAPAT PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA NAUUGNAY NA SERBISYO

34 CFR §300.534

Pangkalahatan

Kung ang isang mag-aaral ay hindi napasyahan na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo at lumalabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, pero ang distrito ng paaralan ay alam ito (tulad nang inilarawan sa ibaba) bago ang pag-uugali na iyon ay naging sanhi ng kilos na pandisiplina, na ang mag-aaral ay isang mag-aaral na may kapansanan, sa gayon ang mag-aaral ay maaaring hangarin ang alinman sa mga proteksyon na inilarawan sa pabatid na ito.

Batayan ng kaalaman para sa mga pandisiplina na paksa

Dapat ay may kaalaman ang distrito ng paaralan na ang mag-aaral ay isang mag-aaralna may kapansanan kung, bago ang pag-uugali ay naging sanhi ng pandisiplinang kilos na naganap:

1. Ang magulang ng mag-aaral na naghayag ng pagkakabahala sa kasulatan na ang mag-aaral ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa supervisory o administratibong tauhan ng angkop na ahensyang pang-edukasyon, o guro ng mag-aaral;
2. Hiniling ng magulang ang isang pagtatasa na may kaugnayan sa pagiging karapat-dapat sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; **o**
3. Ang guro ng mag-aaral o iba pang tauhan ng distrito ng paaralan ay nagpahayag ng mga tiyak na ikinababahala tungkol sa huwarang pag-uugali na ipinakita ng mag-aaral na direkta sa direktor ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaraan o sa iba pang supervisor na tauhan ng distrito ng paaralan.

Hindi Kasama

Ang distrito ng paaralan ay walang paniniwala na may kaalaman kung:

1. Ang magulang ng mag-aaral ay hindi nagpahintulot para sa isang pagtatasa sa mag-aaral o tumanggi sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon; **o**
2. Ang mag-aaral ay natasa at napagpasyahan na hindi isang mag-aaral na may kapansanan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Ang mga kondisyon na gagamitin kung walang batayan sa kaalaman

Kung, bago agsagawa ng mga pandisiplinang kilos laban sa mag-aaral, walang kaalaman ang distrito ng paaralan na ang mag-aaral ay isang mag-aaral nay may kapansanan, tulad nang inilarawan sa itaas ng ilalim ng ikalawang pamagat ***Batayan ng kaalaman para sa mga bagay na pandisiplina*** at ***Mga Hindi Kasama***, ang mag-aaral ay maaaring sumailalim sa mga pandisiplinang hakbang na ginagamit sa mga mag-aaral na walang kapansanan na nakasangkot sa mga katulad na pag-uugali.

Gayunman, kung ang kahilingan ay ginawa sa isang pagtatasa ng mag-aaral habang panahon na kung saan ang mag-aaral ay sumasailalim sa mga pandisiplinang gawain, ang pagtatasa ay dapat isagawa sa isang pinabilis na paraan.

Hangga't natapos ang pagtatasa, ang mag-aaral ay mananatiling may itinalagang lugar ng pag-aaral o edukasyon na napagpasyahan ng mga awtoridad ng paaralan, na kasama ang suspensyon o pagtatatanggal nang walang serbisyong pang-edukasyon.

Kung ang mag-aaral ay napagpasyahan bilang isang mag-aaral na may kapansanan, na isinasaalang-alang ang impormasyon mula sa pagtatasa na isinagawa ng distrito ng paaralan, at impormasyon na ipinagkaloob ng mga magulang, ang distrito ng paaralan ay dapat magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo na alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kasama na ang mga kahilingan sa pagdidisiplina na inilarawan sa itaas.

REKUMENDASYON AT KILOS NG NAGPAPATUPAD NG BATAS AT MGA AWTORIDAD NG HUKUMAN

34 CFR §300.535

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi:

1. Nagbabawal sa isang ahensya na mag-ulat ng krimen na ng is mag- na is kapansan sa naaangkop na awtoridad; **o**
2. Pigilan pagpa ng ng batas at awtoridad ng hukuman para sa paggagawa ng kanilang mga responsibilidad hinggil sa paggamit ng batas ng pederal at Estado sa mga krimen na nagawa ng isang mag-aaral na may kapansanan.

Paghahatid ng mga rekord

Kung nag-ula ang distrito ng paaralan ng krimen na ginawa ng isang mag-aaral na may kapansanan, ang distrito ng paaralan ay:

1. Kailangang tiyakin na ang mga kopya ng espesyal na edukasyon ng mag-aaral at ang mga rekord sa disiplina ay inihatid para makonsidera ng mga awtoridad kung saan inulat ng ahensya ang krimen; **at**
2. Maaaring magpadala ng mga kopya ng espesyal na edukasyon ng mag-aarla at ang mga rekord sa disiplina sa saklaw lamang na pinahihintulutan ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA).

MGA KAHILINGAN PARA SA UNILATERAL NA PAGTATAAGA NG MGA MAGULANG NG ESPESYAL NA MAG-AARAL SA MGA PRIBADONG PAARALAN NA GASTUSIN NG PUBLIKO

PANGKALAHATAN

34 CFR §300.148

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi hinihiling mula sa distrito ng paaralan na bayaran ang gastos sa pag-aaral, kasama na ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyio, ng inyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ang distrito ng paaralan ay ginagawang handang magamit ang FAPE sa inyong anak at pinili ninyong ilagay ang mag-aaral sa isang pribadong paaralan o pasilidad. Gayunma, ang distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ay dapat isama ang inyong anak sa populasyon na ang mga pangangailangan ay natugunan sa ilalim ng mga kundisyon ng Bahagi B hinggil sa mga bata na inilagay ng kanilang magulang sa isang pribadong paarlaan sa ilalim ng 34 CFR §§300.131 sa pamamagitan ng 300.144.

Pagsasauli ng Bayad sa pagkakatalaga sa pribadong paaralan

Kung ang inyong anak ay dati nang nakatanggap ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng distrito ng paaralan, at pinili ninyong i-enroll ang inyong anak sa isang pribadong preschool, elementary school, o secondary school, nang walang pahintulot o rekumendasyon ng distrito ng paaralan, ang korte o ang ALJ ay maaaring hilingin sa ahensya na isauli ang bayadninyo para sa gastusin sa pagpapa-enroll na iyon kung natagpuan ng korte o ng ALJ na ang ahensya ay hindi ginawang handang magamit ninyo ang FAPE para sa inyong anak sa nasa oras na paraan bago magpa-enroll at ang pribadong pagtatalaga ay angkop. Ang ALJ o korte ay maaaring matagpuan na angkop ang inyong pagtatalaga, kahit na ang pagtatalaga ay hindi nakatugon sa mga pamantayan ng Estado na ginagamit sa edukasyon na ipinagkakaloob ng Department of Education at mga distrito ng paaralan.

Limitasyon sa pagsasauli ng bayad

Ang halaga ng pagsasauli ng bayad na inilarawan sa talata sa itaas ay maaaring bawasan o tanggihan:

1. Kung: (a) ag pinakahuling pagpupulong sa IEP na dinaluhan ninyo bago ninyo alisin ang inyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi ninyo sinabi sa pangkat ng IEP na tinatanggihan ninyo ang pagtatalaga na namungkahi ng distrito ng paaralan na magkaloob ng FAPE sa inyong anak, kasama ang pagsasaad ng inyong mga ikinababahala at inyong layunin na i-enroll ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na gastusin ng publiko; o (b) kahit man lang 10 araw ng trabaho (kasama ang mga piyesta opisyal na nagaganap sa araw na may pasok sa trabaho) bago ang pagtanggal ninyo sa inyong anak sa pampublikong paaralan, hindi kayo nagbigay ng nakasula na pabatid sa distrito ng paaralan ukol sa impormasyon na iyon;
2. Kung, bago ninyo alisin ang inyong anak mula sa pampublikong paaralan, ang distrito ng paaralan ay nagkaloob ng paunang nakasulat na pabatid sa inyo tungkol sa layunin nito na tasahin ang inyong anak (kasama ang pahayag ng layunin ng pagtatasa na ito ay angkop at makatuwiran), pero hindi ninyo pinahintulutan na kuhanin ng inyong anak ang pagtatasa; **o** sa pagkakatuklas ng korte na ang inyong mga kilos ay hindi makatuwiran.

Gayunman, ang halaga ng isasauling bayad:

1. Hindi dapat na bawasan o tanggihan sanhi ng kabiguan na magbigay ng pabatid kung: (a) pinigilan kayo ng paaralan na magbigay ng pabatid; (b) hindi ninyo natanggap ang pabatid na inilarawan sa itaas; o (c) pagsunod sa mga kahilingan sa itaas ay maaaring magresulta sa pisikal na pinsala sa inyong anak; **at**
2. Maaaring, sa pasya ng korte o ng ALJ, hindi bawasan o tanggihan ang kabiguan ng mga magulang na magbigay ng hinihiling na pabatid kung: (a) ang magulang ay hindi marunong magbasa o magsulat sa Ingles; o (b) ang pagsunod sa kahilingan sa itaas ay marahil na magresulta sa matinding pinsalang emosyonal sa bata.

MGA KAHILINGAN PARA SA MGA MAG-AARAL NA MAY KAPANSANAN NA NA-ENROLL NG KANILANG MGA MAGULANG SA MGA PRIBADONG PAARALAN

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

34 CFR §§300.129 – 300.144

Ang mga mag-aaral na may kapansanan na na-enroll sa mga pribadong paaralan na kanilang mga magulang ay walang indibiduwal na karapatan sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo habang naka-enroll sa pribadong paaralan. Gayunman, ang mga sumusunod na karapatan ay makakayanan ng mga magulang na naka-enroll sa non profit na pribadong paaralan:

PAGHAHANAP NG BATA

34 CFR §300.131

Kayo ay may karapatan na ipatasa ang inyong anak mula sa distrito kung saan ang pribadong paaralan ay matatagpuan para mapasyahan kung ang inyong anak ay maaaring isang mag-aaral na may kapansanan. Ang paghahanap ng bata ng distrito at mga obligasyon ng pagbibigay ng rekumendasyon patungo sa inyong pribadong paaralan na pinaglagyan ng magulang ay pareho sa mga mag-aaral na naka-enroll sa pampublikong paaralan.

MGA GASTUSIN

34 CFR §300.133

Ang distrito kung saan ang nonprofit na pribadong paaralan ay matatagpuan ay may tungkulin na palawakin ang mga pinaglalagyan ng magulang na pribadong paaralan ng mga mag-aaral na may kapansanan ng halaga na pareho sa halaga ng pederal para sa espesyal na edukasyon ng mga mag-aaral na iyon, ay ang pangkalahatang bilang ng mga mag-aaral na may kapansanan sa loob ng hurisdiksyon ng distrito.

KONSULTASYON

34 CFR §300.134

Kapag lumilikha at nagpapatupad ng espesyal na edukasyon na serbisyo sa mga mag-aaral sa pribadong paaralan na pinili ng magulang, ang distrito ay may obligasyon na makipagkonsulta sa isang nasa panahon at makabuluhan na paraan sa mga kinatawan ng mga mag-aaral na iyon at sa mga pribadong paaralan hinggil sa mga sumusundo na isyu:

1. Ang proseso mismo ng paghahanap ng bata, at kung ang pribadong paaralan na pinili ng magulang na mag-aaral ay maaaring sumali rin, at pati na rin kung paano sinasabi sa mga magulang ng mag-aaral na iyon at ng mga kinatawan ng pribadong paaralan tungkol sa proseso;
2. Kung paano napagpasyahan ng distrito ng paaralan ang kasukat na bahagi ng pederal na halagang gagastusin;
3. Ang proseso mismo ng konsultasyon, kasama kung paano gagana ang proseso sa buong taon ng pasukan para matiyak ang isang makabuluhan na paglalahok sa mga serbisyo;
4. Paano, saan, at sino ang espesyal na edukasyon at ang mga nauugnay na serbisyong ipagkakaloob, kasama ang mga uri ng serbisyio at kung paano ang mga nasabing serbisyo ibabahagi kung ang mga pondo ay hindi sapat na mapaglingkuran ang lahat ng mga mag-aaral, at kung paano at kailan ang mga desisyon na ito ay gagawin; **at**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pansanggalang sa pamamaraan sa mga hindi pangkaraniwang edukasyon ng mag-aaral, mangyaring makipag-ugnayan sa:

- Exceptional student education administrator sa inyong distrito
- Bureau of Exceptional Education and Student Services sa Florida
  Department of Education
  850-245-0475

5. Kung ang distrito ay hindi sumang-ayon sa mga pananaw ng pribadong paaralan na mga opisyal sa pagkakaloob at mga uri ng serbisyo, kung paano magkakaloob ang lokal na unit ng isang nakasulat na paliwanag sa mga dahilan kung bakit ganoon ang mga nagng desisyon ng distrito.

MGA NAPASYANG MAKATARUNGANG SERBISYO

34 CFR §300.137

Ang distrito kung saan matatagpuan ang nonprofit na pribadong paaralan ay magsasagawa ng huling desisyon bilang paggalang sa mga serbisyo na ipinagkaloob sa mga karapat-dapat na pribadong paaralan na pinili ng magulang na mga mag-aaral na may kapansanan, kasunod ang nasa oras at makabuluhan na konsultasyon.

MGA NAPAGKALOOB NA MAKATARUNGANG SERBISYO

34 CFR §300.138

Para sa anumang pribadong paaralan na pinili ng magulang na mag-aaral na may kapansanan kung saan nagpasya ang distrito na magkaloob ng serbisyo, uumpisahan ng distrito at magsasagawa ng isang pagpupulong sa mga kinatawan ng pribadong paaralan para makabuo, repasuhin at baguhin ang mga plano ng serbisyo na nagbibiday detalye sa espesyal na edukasyn at mga nauugnay na serbisyo na dapat ibigay. Sa saklaw na angkop, ang pangkat para sa plano ng serbisyo ay gagawa ng plano ng serbisiyo sa isang paraan na hindi nagbabago sa pagbuo ng IEP

MGA ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

34 CFR §300.140

Ang mga kahilinga para sa angkop na proseso ng pagdinig ay gagamitin sa mga paratang na ang distrito ay nabigo na matugunan ang anak na makahanap ng tungkulin, kilalanin at tasahin ang mga mag-aaral na may kapansanan na nasa pribadong paaralan. Tingnan ang pahina 12 para sa impormasyon hinggil sa mga angkop na proseso ng pagdinig.

MGA REKLAMO SA ESTADO

34 CFR §300.140

Ang mga kahilingan ng reklamo sa estado ay gagamitin sa mga alegasyon na ang distrito ay nabigong matugunan ang mga obligasyong ma kaugnayan sa oportunidad para sa makatuwirang pagsali ng pribadong paaralan na pinili ng magulang na mag-aaral na nasa IDEA; mga gastusin; ang proseso ng konsultasyon; pagkakaloob ng makatuwirang serbisyo; kasama na ang mga opisyal na pribadong paaralan na maaaring magsampa ng reklamo sa Department of Education, Bureau of Exceptional Education at Student Services, na nagpaparatang na ang distrito ay hindi sumali sa konsultasyon sa isang nasa panahon at makabuluhan na paraan o hindi nakonsidera ang mga pananaw ng mga opisyal na pribadong paaralan.

Pam Stewart, Commissioner

309256

Revised 08/13